

MASAYANG NILALARO ng mga guro at mga estudyante sa gradwado ng Osmania University Hyderabad India ang Basagang Palayok—isa sa maraming palarong kinagisanan ng mga Pilipino. Basahin ang buong istorya sa pahina 9.



DLSU-D kaisa ng ABOT-ALAM SA DASMA

TAONG 2010, ISANG *SURVEY* kaugnay ng kahirapan sa bansa ang isinagawa ng National Statistics Office. Sa nasabing *survey*, kanilang napag-alaman:

Isa sa bawat 8 Filipino—edad 6 hanggang 24—ay OSY (*out-of-school youth*) o kabataang hindi nag-aaral o hindi nakapagtapos ng pag-aaral. Ang istatistikang ito ay kumatawan sa 6.24 milyong Pilipino.

Bunsod nito, inilunsad ng DepEd (Department of Education) ang programang Abot-Alam. Layunin ng programang ito ang maipa-abot sa mga OSY ang pagkakataong muling makapag-aral o ‘di-kaya’y magkaroon ng kasanayan (*skill*) sa trabahong maari nilang pagkakitaan.

[sundan sa pahina 2](#)

Kailan lamang ay naisa-batas na ang Abot-Alam. Kaugnay nito, isang kasunduan ang nilagdaan sa pagitan ng DepEd at ng lokal na pamahalaan ng Dasmariñas, Cavite. Dito sa Dasmariñas, may *pilot test* ang Abot-Alam, at kaisa ang De La Salle University-Dasmariñas sa pagpapatupad nito sa buong siyudad.

Habang isinusulat ito, ibinalita ni Dr. Rosalina Dulog, direktor ng LCDC, na sa ilalim ng Abot-Alam, 60 mag-aaral ang tatanggapin ng DLSU-D taon-taon, at kukuha ang mga ito ng maikling *training* para sa kasanayang pang-kulinarya sa ilalim ng College of Tourism and Hospitality Management.

Ebolusyon

Hindi na bago sa karanasan ng DLSU-D ang ganitong adhikain. Ayon kay Dr. Dulog, kung tutuusin, isa sa mga itinuturong inspirasyon para sa Abot-

Alam ay ang dalawang programang pang-edukasyon ng Unibersidad para sa mga mahihirap. Ang mga ito ay ang Balik-Aral at ang Hatid-Aral.

Sinimulan ng De La Salle Brothers ang Balik-Aral sa DLSU-D taong 1992. Sa Balik-Aral, ang mga OSY ay muling nag-aaral at sinasanay ng mga gurong *volunteer*. Pagkatapos nito ay kumukuha ng pagsusulit ang mga mag-aaral sa ilalim ng NFE A&E Test (Nonformal Education Accreditation and Equivalency Test) upang malaman kung anong antas na ng elementarya o high school sila maaaring muling makabalik sa pag-aaral. Hanggang ngayon ay patuloy pa ring namamayagpag ang Balik-Aral sa DLSU-D.

Makalipas ang ilang taon, nagkaroon ng ibang bersyon ang Balik-Aral. Ito ay ang Hatid-Aral. Ang layon ng Hatid-Aral ay upang mai-“hatid” sa mga OSY

b a l i t a

2 CEAT prop, nanalo sa CALABARZON Math Olympics

Dalawang guro mula sa CEAT (College of Engineering, Architecture and Technology) ang nagkamit ng kampeonato sa kauna-unahang Mathematics Teachers Olympics na ginanap sa UP Los Baños, Laguna, nito lamang ika-2 ng Agosto.

Tinalo nina Engr. Earl Jayson Alvaran at Engr. Harmon Solante, kapwa guro ng Electronics at ng Electrical Engineering, ang iba pang mga guro ng Engineering at Mathematics mula sa iba’t ibang kolehiyo sa CALABARZON.

Ang CALABARZON Chapter ng Mathematics Society of the Philippines ang siyang nag-organisa ng kompetisyon. Ang nasabing tagisan ay binubuo ng madali, katamtaman at mahirap na mga bahagi kung saan binibigyan ng suliraning pang-matematika ang mga kalahok upang masukat ang kanilang galing sa iba’t ibang paksa. Tiglimang tanong ang iniakma sa mga kalahok sa bawat bahagi at ang pinakamabilis makasagot nang tama ang siyang nakapuntos.

Bilang mga nagwagi, sina Alvaran at Solante ay nakatanggap ng tropeo at gantimpalang salapi mula sa Mathematics Society of the Philippines.

(Mula kaliwa pa-kanan) Sina Solante at Alvaran: Mga Kampeon ng 1st Mathematics Teachers Olympics.



na nakatira sa malalayong lugar ang Balik-Aral. Mga DLSU-D alumni ang boluntaryong tumira sa mga malalayong lugar na ito at nagturo sa ilalim ng programa.

Dahil naging matagumpay, isa na namang bersyon ng Hatid-Aral ang inilunsad. Ito ay ang programang Sagip-Dunong na siyang sinimulan ni Padre Jerome Marquez SVD sa pakikipagtulungan ng DLSU-D. Si Padre Jerome ay dating kura paroko ng Simbahan ng Hesus Nazareno sa Barangay Sampaloc IV, Dasmariñas, at ngayon ay punong direktor ng AJMFI (Arnold Janssen Mission Foundation, Inc.) na siyang nagpakalat at kasalukuyang namamahala sa Sagip-Dunong sa iba't-ibang panig ng bansa.

Halos walang ipinagkaiba ang Sagip-Dunong sa Hatid-Aral, liban na lamang

sa mga boluntaryong guro nito na nagmumula mismo sa komunidad na pinaglilingkuran nila. DLSU-D ang nagbigay ng pagsasanay noon sa mga boluntaryong guro ng Sagip-Dunong at nagmo-monitor din ng progreso ng nasabing programa sa komunidad. Sagip-Dunong ang siyang naging modelo ng ALS (Alternative Learning System) ng DepEd. Hindi nagtagal, ito ay naging Abot-Alam.

Mas pinalakas

Sa paglalarawan ni Dr. Dulog, ang Abot-Alam ay ALS din na “binigyan ng ngipin.” Ang ALS kasi, kung susuriin, ay parang Balik-Aral lang din ang layunin: upang muling makabalik ang mga OSY sa nararapat nilang antas sa pormal na pag-e-eskwela.

Pero iba ang Abot-Alam. “Mas

[sundan sa pahina 6](#)

b a l i t a

Hilario, pumangatlo sa 2014 Guidance Counselor Licensure

Pasok sa ikatlong pwesto sa pinakamatataas na nakasulit sa 2014 Guidance Counselor Licensure Examination si Dr. Paulito Hilario, guro sa College of Education Graduate Studies ng DLSU-D. Kaugnay nito, 100 porsyento ng mga kumuha ng nasabing pagsusulit mula sa DLSU-D ang pumasa, kumpara sa kabuuang 65.16 porsyento lamang ng mga pumasa sa buong bansa.

Kabilang sa mga pumasa mula sa DLSU-D sina: Ma. Fatima Bullecer, Rio Gan, Joy Parohinog, Rachele Vergara, Ma. Sigrid Damolo, Jhoanna Rose Moreno, at James Philip Ray Pinggolio.

Ang pagsusulit ay ginanap noong Agosto 5-6.



Dr. Paulito Hilario

Mga estudyante ng DLSU-D, wagi sa 2nd Student Media Congress

Nag-uwi ng karangalan ang mga estudyante ng DLSU-D nang sila ay dumalo sa ikalawang Student Media Congress noong Hulyo 25-26. Ang mga estudyante ay pawang mga miyembro ng dalawang opisyal na publikasyon ng La Salle-Dasma—*Heraldo Filipino* (publikasyong pang-mag-aaral) at *Vicissitude* (year book).

Iba-ibang kategorya—mula pagsusulat ng balita (*news writing*) hanggang paggawa ng video (*video production*) at pagkuha ng potograpo (*photography*)—ang napagwagian ng mga estudyante.

Mula sa hanay ng *Heraldo Filipino*, nagwagi sila Mark Vincent Macalinao, (3rd year Graphics and Multimedia) na nagtamo ng ika-2 posisyon sa Glamour

Photography; Ricardo Martin Cabale (3rd year Electrical Engineering) at Christian Paul Macapagal (4th year Graphics and Multimedia), kapwa ika-1 at ika-3 posisyon sa kategoryang pang-grupo ng Magazine Layout; Katherine Anne Aboy (3rd year Economics), ika-1 posisyon sa News Writing; Ricardo Martin Cabale (3rd year Electrical Engineering), ika-3 posisyon sa Graphic Design.

Samantala, mula sa *Vicissitude*, nanalo sila Julie Anne Macalagay (2nd year Graphics and Multimedia) sa ika-2 pwesto sa Pre-nuptial Photography; Emmanuel Mendoza (4th year Graphics and Multimedia) sa ika-3 pwesto sa kategoryang pang-grupo ng Video Production; at Maria Graciella

b a l i t a



NAGING TAGAPAGSALITA si Dr. Susan Mostajo, direktor ng DLSU-D Human Resource Management Office sa ika-15 National Convention of the Asian Association of School HR Practitioners, Inc. Sa kaniyang talumpati, ibinahagi ni Mostajo ang kaalamang “Best HR Practices and Benchmarks in Talent Management-Performance Management.” Ang nasabing kumbensyon, may temang “ASEAN Integration---Opportunities and Risks for Schools and People in the Academe,” ay ginanap noong Agosto 27-29 sa Diamond Hotel sa Maynila.

Tijones (4th year Broadcast Journalism) sa ika-1 pwesto sa Social Media Strategy.


“Empowering Media Catalysts” ang naging tema ng nasabing kongreso. Ito ay binuo ng iba’t ibang workshops at isang sesyong pangplenaryo kasama ang mga batikang miyembro ng media sa kasalukuyan. Ginanap sa DLSU-Manila, ang *student media congress* ay inorganisa ng DLSU Student Media Office sa pakikipagtulungan ng Culture and Arts Office ng DLSU-Manila at DLS-College of St. Benilde Student Publications Office.



TINANGGAP NI Katherine Anne Aboy (*gitna*), miyembro ng *Heraldo Filipino* at 3rd year Economics student sa ilalim ng Allied Business Department, ang gantimpalang plake sa pagkakapanalo niya sa ika-1 puwesto sa timpalak ng pagsusulat ng balita noong ikalawang Student Media Congress na ginanap sa DLSU-Manila, Hulyo 25-26.

b a l i t a

DLSU-D, miyembro na ng ACUCA



Ganap nang miyembro ng ACUCA (Association of Christian Universities and Colleges in Asia) ang DLSU-D nang aprubahan ng ehekutibong komite ng asosasyon ang aplikasyon ng DLSU-D noong ika-26 ng Abril.

Ito ay pormal na ipinaalam ng asosasyon sa isang liham kay Br. Gus Boquer FSC, pangulo ng DLSU-D, noon pang Mayo 12. Sa nasabing liham, malugod na tinanggap ni Vincent Han-Sun Chiang, pangulo

ng ACUCA, ang pagkakasali ng DLSU-D sa asosasyon at ipinahayag din nitong umaasa ang ACUCA sa aktibong pakikilahok ng DLSU-D sa mga gawain nito.

Unang itinatag noong Disyembre 1976, layunin ng ACUCA ang pagkakatulungan ng lahat ng miyembro nito, sa kapakinabangan ng bawat isa at ng mga lipunang kinapapalooban nila. Sa ngayon, may 57 miyembro ang ACUCA sa

kabuuan ng Asya.

Sa darating na ika-24 hanggang ika-26 ng Oktubre ngayong taon, dadalo sina Dr. Myrna Ramos, vice chancellor for mission, external affairs and advancement, at Dr. George Francisco, dekanong College of Liberal Arts and Communication, bilang mga kinatawan ng DLSU-D sa Biennial Conference/20th General Assembly ng asosasyon.

Museo De La Salle, kasapi na ng ASEMUS

Nakatala na ang Museo De La Salle bilang miyembrong museo ng ASEMUS (Asia-Europe Museums).

Kaugnay nito, nag-ambag kamakailan lamang ang Museo De La Salle sa ASEMUS Virtual Collection of Asian Masterpieces o VCM Project.

Labing-anim na bagay mula sa libu-libong piyesa sa koleksyon ng Museo De La Salle ang naidonasyon na nito para sa proyekto. Ang mga nasabing bagay

ay maiuugnay sa panahong Victorian sa Europa, at kumakatawan sa husay at galing ng mga Pilipino sa larangan ng disenyo at paggawa ng muebles (*furniture*).

Itinatag noong taong 2000, ang ASEMUS ay isang network ng palitang-kultura sa pagitan ng mga museo mula sa mga bansang ASEM (Asia-Europe Meeting) gaya ng Australia, Bangladesh, Belgium, Brunei, Cambodia, China, Inglatera, Singapore, España, Sweden, atbp.



ASEMUS
Asia - Europe
Museum Network

b a l i t a

DLSU-D kaisa... mula sa pahina 3

pinalakas” daw ito. Hindi lamang ito tungkol sa pagbibigay-pagkakataon para sa mga OSY na muling makabalik sa eskwela. Binibigyan din nito ng pagkakataon ang ibang OSY namagkaroon ng kasanayan sa iba’t ibang larangan, gaya ng electronics, computer science, at hotel and restaurant management. Bukod pa rito, may mga trabaho ring naghihintay para sa mga magtatapos sa *skills training* ng Abot-Alam. Ito ay sa tulong ng mga kumpanyang mag-e-employo ng mga Abot-Alam *graduates* na may kasanayang ayon sa pangangailangan ng kumpanyang tatanggap sa kanila.

Supotang Lasalyano

Samantala, isang komisyon ang binubuo ngayon ng One La Salle Philippines upang tumutok sa pagbibigay-suporta ng mga paaralang

Lasalyano sa Abot-Alam. Nitong Hulyo 30 ay una nang nagtipon sa Maynila ang mga kinatawan ng lahat ng institusyong Lasalyano sa buong bansa para rito. Ilan sa mga napag-usapan ay ang pagtulong at pagbibigay importansya, hindi lamang sa mga OSY, kundi pati na rin sa mga katutubong Pilipino (*indigenous Filipinos*).

Sa DLSU-D, kasalukuyang pina-plano ang pagdagdag ng *skills training* sa programang Balik-Aral. Dahil matagal nang may kasunduan ang DLSU-D at TESDA (Technological Education and Skills Development Authority), pinag-aaralan ngayon ng DLSU-D ang ma-aprubahan ng TESDA ang mga modyul na ginagamit ng Unibersidad sa mga *skills training* nito. Kapag kasi tugma at umaayon sa TESDA ang mga modyul ng Balik-Aral, maaaring makakapasa rin ang

mga Balik-Aral *graduates* sa pagsusulit upang maging sertipikado ng TESDA.

Ang Abot-Alam ay programa ng DepEd na ipatutupad sa buong bansa. Ang paglagda sa kasunduan sa pagitan ng DepEd at ng lokal na pamahalaan ng Dasmariñas ay isinagawa noong Agosto 20 sa Animo Center ng De La Salle Health Sciences Institute. Ito ay sinaksihan ng Liga ng mga Barangay; mga sangay ng gobyerno gaya ng TESDA, DOLE, at DSWD; mga pribadong grupo gaya ng AJMFI at Philippine Center for Entrepreneurship-Go Negosyo; at ng mga pamantasang NCST at DLSU-D.

9 estudyanteng Hapones, nakipag-interaksyon sa DLSU-D

Kinumpleto ng siyam na estudyante ng NGU (Nagoya Gakuin University) ng bansang Hapon ang *study tour* nila dito sa Pilipinas sa pamamagitan ng pakikipag-interaksyon sa mga miyembro ng Lasallian Student Ambassadors at Performing Arts Groups ng DLSU-D noong Agosto 20.

Sa nasabing pagbisita, ang dalawang grupo ng estudyante ay nagbahaginan ng kanilang kultura at mga talento. Nagsilbing kulminasyon ng nasabing interaksyon ang pagpipinta ng mga bandila ng bansang Hapon at Pilipinas.

Sa kabilang banda ay nakipagpulong naman si Dr. Masaaki Satake, pinuno ng delegasyong NGU, kay Dr. Myrna Ramos, vice chancellor for mission, external affairs

and advancement ng DLSU-D, upang pag-usapan ang posibleng kolaborasyon sa pagitan ng dalawang unibersidad. Sa ngayon, isang estudyante ng NGU ang nag-aaral ng wikang Inggles sa DLSU-D Language Learning Center.

Ang pagbisita ng NGU sa DLSU-D ay isinaayos ng University Linkages Office sa pakikipagtulungan ng Tanggapan ng Vice Chancellor for Academics and Research.



Photo: Lasallian Student Ambassadors Facebook

Mga estudyante ng La Salle-Dasma at Nagoya Gakuin University sa harap ng mga ginawa nilang imahe ng mga bandila ng Pilipinas at Hapon .

b a l i t a

8 estudyanteng Indonesian, nag-observa sa DLSU-D

Walong estudyante mula sa YSU (Yogyakarta State University) ng Indonesia ang nanatili sa DLSU-D mula ika-3 hanggang ika-12 ng Agosto para maki-*sit in* sa iba't ibang klase sa Unibersidad. Ang mga klaseng nilahukan ng mga bisitang estudyante ay ayon sa ispesyalisasyon nila bilang mag-aaral. Bukod pa rito, binigyan din sila ng pagkakataong magkaroon ng kasanayan sa pa-halimbawang pagtuturo (*teaching demo*), at nakadaupang-palad din nila ang mga residente ng Bahay Pag-asa Youth Center.

Samantala, nakipagpulong naman si Dr. Nayono Satoto, direktor ng International Office and Partnerships ng YSU, kay Dr. George Francisco, dekanong ng College of Liberal Arts and Communication ng DLSU-D, upang mapag-usapan ang posibilidad ng kolaborasyon sa pagitan ng dalawang pamantasan, partikular na sa *on-the-job training* ng mga mag-aaral ng Psychology.

Ang *sit-in program* ay naisakatuparan sa tulong ng opisina ng Assistant Vice Chancellor for Academic Services, sa pakikipagtulungan ng University Linkages Office.



NAGRE-REFEREE SI Vangie Montillano, guro ng PE sa DLSU-D, sa mga mag-aaral ng Osmania University Hyderabad India habang nilalaro nila ang Hilaang Lubid, isang tradisyunal na laro ng mga Pilipino na siyang ibinida ni Montillano sa India.

b a l i t a

DLSU-D Advancement Office: Tulay ng pagtulong sa mga kapus-palad

Kamakailan lamang ay naging tagapagsalita si Dr. Myrna Ramos, vice chancellor for mission, external affairs and advancement ng DLSU-D, sa kumperensya ng Association of South East Asian Catholic Colleges and Universities na ginanap sa Ateneo de Davao, Agosto 28-31.

Dito, ibinahagi ni Ramos ang mga gawaing pangkomunidad ng DLSU-D sa pamamagitan ng Lasallian Community Development Center. Sa kaniyang pagtalakay sa nasabing paksa, isang tanong ang umukilkil sa isipan ng marami:

Ano nga ba ang ibig sabihin ng salitang “dukha” o “kapus-palad” para sa isang

Lasalyano?

Kung tutuusin, simple lang ang istandard na sagot ng mga Lasalyano rito: *“the last, the lost, and the least”* (mga napag-iwanan sa buhay, mga naliligaw ng landas, at mga namamaliit sa lipunan). Pero kung lilimiing maigi, medyo kumplikado ang “simpleng” depinisyon ng ito.

“Hindi [kasi] ito tumutukoy lamang sa kasalatan sa salapi o materyal na bagay,” paliwanag ni Ramos. “Tumutukoy rin ito sa mga nakararanas ng espirital na kahungkagan at sa mga naghihirap ang kalooban.”

sundan sa pahina 10

Mga larong Pinoy ibinida ni Montillano sa India

Sipa, Unahang Sako, Hilaang Lubid, Patintero at iba pang mga larong kinalakhan ng mga Pilipino—ang pagbibida sa mga ito kahit pa sa ibang bansa ang siya ngayong itinuturing na adbokasiya ni Vangie Boto Montillano, guro ng PE (Physical Education) sa DLSU-D.

Naimbitahang magsalita si Montillano sa ika-25 Pan Asian Conference of Sports and Physical Education na ginanap noong Agosto 8-10 sa Osmania University Hyderabad India. Sa nasabing kumperensya, ibinahagi ni Montillano ang kaniyang saliksik na pinamagatang “Revisiting Traditional Games in the Heart of the Filipino in the Province of

Cavite: A Community-based Program Intervention.” Ang nasabing saliksik ay base sa pag-aaral na isinagawa ni Montillano sa Trece Martires City, Cavite, noong Mayo 31.

Ito ang ikalawang pagkakataong naimbitahan si Montillano sa bansang India upang ibida ang mga tradisyunal na larong ito ng mga Pilipino. Sa parehong pagkakataon, hindi lamang ibinahagi ni Montillano ang mga larong Pilipino sa kaniyang lektura, ipinalaro rin niya ang mga ito sa mga mag-aaral na Indian na natuwa at naging malugod naman ang pagtanggap sa mga ito.

Ayon kay Montillano, ang intensyon ng pag-aaral niya sa mga tradisyunal na

larong Pilipino ay upang “mag-observerba, sumaksi, at muling buhayin” ang interes ng mga komunidad sa mga ito. “Ang mga tradisyunal na laro natin kasi ang isa sa mga pinakamakapangyarihang instrumento ng komunikasyon, koneksyon, at pakikisalamuha natin sa isa’t isa,” sabi niya. “Pinag-iisa tayo ng mga ito.”

Ito ay sa gitna ng pamamayagpag ng mga *gadgets*, larong pang-*computer*, at iba pang teknolohiya na pumupukaw sa pansin at umaagaw sa atensyon ng mga kabataang Pilipino ngayon.

Para kay Montillano, isang inspirasyon sa pag-aaral niya ang Pan Asian

sundan sa pahina 28

b a l i t a



“HUMINGI KAYO AT KAYO AY BIBIGYAN”: Binigyang-inspirasyon ni Dr. Myrna Ramos, vice chancellor for mission, external affairs and advancement ng DLSU-D, ang mga kasapi sa mga opisinang Advancement ng iba’t ibang paaralang De La Salle sa bansa.

Dahil sa depinisyon ng ito kung kaya't lagi nang minamabuti ng DLSU-D na gawing masaklaw o *holistic* ang tulong na rehabilitasyon ng Pamantasan sa komunidad. Bukod sa pinansyal na pagtulong, mayroon ding tulong pangkabuhayan para sa mga mahihirap at tulong-gabay para sa mga hindi nakakapag-aral o sa mga nakabilanggo sa piitan.

“Si San Juan Bautista De La Salle kasi, iwinaksi niya ang kaniyang kayamanan at nagtaguyod siya ng paaralan para sa mahihirap,” sabi ni Ramos. “Kung kaya naman ang mandato ngayon ng pinuno ng De La Salle Philippines, kung magtatayo raw tayo ng bagong paaralan, dapat ito ay paaralan naman para sa mga mahihirap—hindi na para sa mayayaman.”

Sakaling matuloy, itataguyod daw ang bagong paaralan sa isa sa mga lugmok na bahagi (*depressed areas*) ng bansa. Syempre pa, malaking halaga ang kakailanganin para sa ganitong proyekto. Ang tanong: paano nga ba natutugunan ng mga paaralang Lasalyano ang mga ganitong uri ng proyekto?

Opisina ng Advancement

Dito sa La Salle-Dasma, isang tanggapan ang namamahala sa pagkalap ng pondo para sa mga proyektong iskolarship, pananaliksik, at pangkawang-gawa ng pamantasan. Ito ay ang Advancement Office—dating Development Office na pinalitan ang katawagan dahil hindi na raw kasi sasapat ang salitang *development* sa mga layunin at gawain ng opisina.

“Ang konotasyon kasi ng salitang *development* ay mas aplikable sa iba pang larangang nangangailangan ng pagbubuo (pagde-*develop*) lamang—gaya ng *facilities development* o ng *curriculum development*, halimbawa,” paliwanag ni Marco Polo, tagapangulo ng Opisina ng Advancement. Samantalang ang *“advancement”* daw ay “pagsulong” sa isang proyekto o adhikain. Ibig sabihin, naka-“buo” ka na, ia-“*advance*” o isusulong mo na lang.

Dalawa sa apat na bahagi ng konsepto ng *advancement* ang pinagtutuunan ngayon ng opisina. Ang mga ito ay *resource generation* (o ang pagkalap ng

tulong) at *resource mobilization* (o ang pamamahala sa nakalap na tulong).

Pagdating naman sa mga tulong sa anyong salapi, kadalasang ang mga ito ay ipinopondo sa *endowment funds*—inilalagak ang mga ito sa mga *investment* na tumutubo ng interes. Tanging ang kinikitang interes lamang ng mga pondong ito ang ipinantutustos sa pagsulong (*advancement*) ng iba't ibang proyektong pantulong sa mga nangangailangan.

May mga ganito ring katulad na opisina sa iba't ibang paaralang Lasalyano sa buong Pilipinas. Kamakailan lamang, nagtipon-tipon ang mga kawani ng mga opisina ng ito sa Retreat and Conference Center ng DLSU-D upang tukuyin ang mga mamumuno sa *advancement* sa mga institusyong Lasallian sa pambansang lebel. Sa Luzon, DLSU-Manila (pangkalahatang *chairman*) at DLSU-D (*co-chairman*) ang naitalaga para rito; sa Visayas, University of Saint La Salle; at sa Mindanao, La Salle Academy.

Bukod pa rito, nagbahaginan din sila ng kanilang mga karanasan sa pangangalap ng pondo.

“Marami rin tayong naibahagi sa kanila,” kwento ni Ramos. “Yung mga ‘raket’ natin: Human Lasallian Star *formation*, yung mga *cupcakes*, animosaic, may *tiles* tayo dyan, Piso para sa Iskolar, atbp.”

“Hindi naman natin kasi maaaring i-asa ang lahat sa matrikula (*tuition*) lamang,” paliwanag ni Ramos. “Kung gagawin natin ‘yon, tayo naman ang mawawala sa merkado. Kaya ang nakagawian natin, nangangalap din tayo ng pondo mula sa labas.”

Tamang intensyon

Sa nasabi ring pagtitipon, pinayuhan ni Ramos ang mga naroroon na maging matatag sa kanilang adhikain.

“Nauunawaan ko na marami sa inyo ang bantulot na mapabilang sa opisina ng ito,” sabi niya sa kanila. “Hindi ito biro, kung kaya pinapayuhan ko kayo na huwag ninyong tingnan ang gawaing ito bilang isang trabaho. Bagkus, ito ay isang misyon na kailangan ng maalab na pagtupad at pagmamahal.”

Mga *“professional beggars”* daw ang

tawag sa kanila. “Namamalimos” ng donasyon. Ni sa hinagap ay hindi raw inakala noon ni Ramos na siya ay magiging isang *professional beggar*. Dating bise presidente pang-akademiko ng DLSU-D, noong una raw ay naging bantulot din si Ramos na tanggapin ang posisyon. Dangan lamang at siya raw ang tinukoy ni Br. Andrew para sa tungkuling ito. (Ang namayapa nang si Br. Andrew Gonzalez FSC ay nagsilbing pangulo ng dating DLSU System na ngayon ay lumawig na at naging De La Salle Philippines.)

“Kinausap ako ni Br. Andrew,” kuwento ni Ramos. “Sabi niya, ‘Myrna, hindi ka dapat mahiya na humingi ng limos. Hindi ka naman namamalimos para sa iyong sarili, bagkus ay para sa iyong kapwa. Magiging instrumento ka para maipaglapit ang mga mayayaman sa mga mahihirap, at iyon ay sa pamamagitan ng opisinaang ito.’”

Hindi na raw nakatanggi pa si Ramos. Noon daw kasing kinausap siya ni Br. Andrew ay malapit na itong mamayapa—“hindi ko ma-hindian ang isang taong mamamatay na,” paliwanag niya.

Sa ngayon, makalipas ang halos 10 taon mula nang ito ay naitaguyod, patuloy na namamayagpag ang Advancement Office sa pangangalap nito ng pondo para sa mga kapus-palad at iba pang adhikain. Sa pagtatapos ng nakaraang taong pang-akademiko, umabot na sa halos P160 milyong ang kabuuang halagang nalikom ng tanggapan simula nang maitatag ito.

Mga kaibigan

Mga “kaibigan” (*friends*) ang tawag ni Ramos sa mga nahihingan ng tulong/donasyon ng Advancement Office. Ito ay dahil bago pa man magkaroon ng *fundraising*, dapat sa simula pa lang ay nakapag-“*friend-raising*” na muna.

Ibig sabihin, ang mga *donors* ng pondo ay hindi basta mga taong pinagkukunang-tulong lamang. Dahil sila ay mabubuting tao na kapanalig din natin sa kaparehong mga adhikain, marapat lamang na makapagtaguyod tayo ng mabuting relasyon sa kanila.

Ngunit, pagdidiin ni Ramos: kahit pa kaibigan na silang maituturing, hindi pa rin sila basta-basta magtitiwala at

magbibigay ng tulong sa iyo hangga’t hindi ka nila kinakikitaan ng integridad at kredibilidad. At paano nga ba ipinakikita ang mga ito? Sa pamamagitan ng *transparency*—ang pagiging klaro sa lahat ng transaksyon nang maiwasan ang mga kwestionableng daloy ng salapi at iba pang tulong.

“Kung bibigyan mo ako ng 1milyong piso, ibabalik ko sa iyo ang opisyal na

“...*hindi ka dapat mahiya na humingi ng limos. Hindi ka naman namamalimos para sa iyong sarili, bagkus ay para sa iyong kapwa. Magiging instrumento ka para maipaglapit ang mga mayayaman sa mga mahihirap, at iyon ay sa pamamagitan ng opisinaang ito.*”

resibo para sa halagang iyon kasama ang isang *acknowledgment letter*,” paghahalimbawa ni Ramos. “At kung ang ibibigay mo naman sa akin ay isang sentimo, ganoon ding pagtrato ang gagawin ko sa isang sentimong donasyon mo. Walang malaki o maliit na tulong. Ganoon namin pinahahalagahan ang lahat ng donasyong dumarating sa atin.”

At ito marahil ang isa sa mga dahilan kung bakit maraming mga kaibigang patuloy na sumusuporta at muli’t muling nagbibigay ng tulong sa Advancement Office ng DLSU-D—ang bukas na pagtanggap at pagiging matapat sa pamamahala sa mga biyaya ng Maykapal sa pamamagitan ng mga kaibigan.

“Natutuwa ako dahil masigasig ang aming *team*,” pagtatapos ni Ramos. “At mapalad kami dahil ginagabayan kami ni Br. Gus [Boquer, FSC, kasalukuyang pangulo ng DLSU-D]. Hindi ito responsibilidad na pasan-pasan ko lamang kundi ng buong *team*, sa tulong ng buong komunidad.”

Wikang Filipino: Quo Vadis?

t a l a k a y a n


Tatlong guro ng De La Salle University-Dasmariñas—mga dalubhasa sa wikang Filipino—ang aming inanyayahan sa isang panayam upang talakayin ang kasalukuyang estado ng ating wikang pambansa sa ating lipunan, mga paaralan at sa darating na panahon.

Newsette: Ano po ba ang saysay ng pag-aaral ng wikang Filipino ng mga Pilipino?

LG (Lakadupil Garcia): Kanina nang pinag-iisipan ko ito, para mong tinanong, “Ano ba ang saysay ng pag-aaral ng wikang Ingles ng mga Amerikano?” Iba kasi yung paggamit ng wika mula sa mas malalim na pag-aaral ng wika. Lahat tayo rito at maging ang mga simpleng estudyante, kahit na ‘yong mga hindi pa tumutungtong ng kolehiyo, kayang gumamit ng wikang Filipino. Ngunit pag sinabi nating pag-aaral, iyong mga *ano, paano, bakit*, atbp. —‘yon ang isang bagay na dapat na nandodoon sa talakayang akademiko, at dito sa kolehiyo mas mabibigyang partikular iyon sapagkat iyon ang bagay na mga itinuturing na eksperto pagdating sa wika lamang ang maaaring makapagbibigay. Kaya nga, pagdating sa kolehiyo, kailangan at hinihiling (*requirement*), hindi lang ng ating administrasyon kundi lahat siguro ng unibersidad na, na hangga’t maaari, ang nagtuturo nito kundi man may *master’s*, hangga’t maaari may doktorado.

MM (May Mojica): Kasabay kasi ng pag-aaral mo ng wikang Filipino bilang isang Pilipino, inaaral mo rin at patuloy na pinauunlad ang kultura mo. Dito, hinuhubog mo ang pambansang kamalayan mo—ang pambansang identidad (*identity*) mo na siyang magagamit natin para maipagmalaki sa mga karatig bansa natin o sa alinmang bansa sa daigdig. Bagaman kayang-kaya na nga naman nating gamitin ito, ang paggamit o pagkilala nito sa mas mataas na antas ng edukasyon (lalo’t higit sa kolehiyo/paaralang gradwado) ay higit na makapagpapakita ng kalakasan

sundan sa pahina 14




Yelo

Bahay

Yeso



Yungib



may



MEMBER TEACHING HEARTS TRANSFORMING LIVES
ASALIAN PARTNERS

ng wikang Filipino sa kabuuan.

GF (George Francisco): Ako naman, sasagutin ko 'yang tanong sa kontekstong kultural. Sususugan ko yung binanggit ni Gng. Mojica: na napapatatag kasi 'yong tinatawag nating *cultural identity* na nagtutuloy-tuloy sa *national identity*. May *interplay* kasi iyon e. Para masabing matatag ang kultura mo, kinakailangang meron ding tinatawag na pambansang identidad. Para mapalakas ang kultura at identidad ng isang bansa, kasama ang pag-aaral ng wika nito. Ang pag-aaral ng wikang Filipino ay mahalaga sa mga Pilipino para mas makilala nila ang kanilang sarili, at ito ay sa pamamagitan ng paggamit ng wika sa pagtuklas sa sarili nila, o sa pagtuklas sa mga etnolinggwistikong kaligirang kinabibilangan nila.

Newsette: Ibig bang sabihin, kapag ginamit mo ang wikang Filipino sa mas mataas na antas, susunod na 'yung pagtatag ng kultura....?

GF: [Susunod na roon] 'yong *appreciation* o 'yong pagkilala sa *cultural identity* na siyang nagtutuloy-tuloy sa *national identity*. Kasi hindi natin matatamo ang pambansang pagkakakilanlan o identidad kung 'yong basic pa lamang na usaping pangwika hindi natin napapahalagahan o kinikilala. Kapag hindi mo pinahalagahan 'yon, lalong higit na hindi mo kikilalanin 'yong ibang aspekto pa ng kultura mo—'yong popular na kultura ng Pilipinas o kaya naman, 'yong mga kalinangang Pilipino. Hindi mo makikilala ang mga ito kasi mas malalalim na anyo na ang

mga 'yon e. Kung kayat mas mahalagang masimulan ito sa pagkilala sa wikang Filipino at nararapat lang na pag-aralan 'yon at palalimin pa talaga.

Newsette: Masasabi n'yo ba na ang mga Pilipino ngayon medyo nalilito sa kaniyang identidad dahil sa mga isyung ito?

LG: Masasabi nating halos ganun na rin, kasi sa tagal ng panahon, nakagugulat na hanggang ngayon, talagang ipinaglalan pa natin na panahon na para gamitin ang wikang pambansa. Sa puntong iyon, nakagugulat na marami pa ring Pilipino, maging sa ilang impormal na surbey sa mga radyo't telebisyon, ang hindi nakakaalam kung ano nga ba talaga ang Filipino. At ang masaklap, hindi lang kung ano ang Filipino, kundi pati na rin kung saan at paano ito gagamitin. Para bang ang akala nila, ang wikang Filipino ay para lamang doon sa pang-araw-araw na pakikipag-usap. Pero mapapansin natin, mula pa noong unang panahon, ginagamit at nagagamit na ang Filipino—kahit hindi pilitin—kapag nandodoon na 'yong tinatawag nating pang-aapi o pakikipaglapan sa isang usapin. Kailan ka nakakita ng mga taong nakikipaglapan para sa kanilang karapatan na ang gamit ay Ingles? Kailan nangampanya ang mga pulitiko at nanalo ng malaking boto na ang gamit nila ay wikang dayuhan? Mapapansin mo, 'pag meron isang isyu o merong isang bagay na dapat paigtingin, Filipino ang ginagamit. Ang nakalulungkot nga lang, nakikita lamang natin ito sa paraang pasalita. Pero oras na ipasulat

mo na, maging ang mga naglalakihang *TV network* natin, makikita mo doon 'yong mga pagkakamaling gramatika na TANGING SA ANTAS TERSYADO LAMANG HIGIT NA MAPAKIKINIS. Salamat at naimbitahan dito si Dr. [Jack] Richards, isang kilalang linguist sa buong mundo. Malinaw, at umayon siya sa akin dun sa isang tanong ko, na kung meron mang bagay na hindi napagtutuunang pansin ng sistema ng edukasyon natin ay 'yong dami ng estudyante, partikular sa elementarya at *high school*. Dahil sa sobrang dami ng mga estudyante, hindi sapat ang oras para pasulatin sila. Kaya maaaring magaling silang magsalita, pero kapag sumulat na, doon mo makikita: hindi makinis o pulido ang paggamit nila ng wika.

MM: Naniniwala kasi ako na ang wika ang naglalarawan ng diwa natin. Kumbaga, ito 'yong krokis ng diwa ng lahing Pilipino. Dito na rin makikita kung ano nga ba ang mga pinahalagahan natin, at kung ano 'yong mga bagay na itinuturing nating walang katuturan. Ngayon, kung sa kasalukuyan, nagugulo ang identidad mo, hindi mo sigurado kung saan ka ba papanig? ano ka ba? sino ka ba?—mas makikilala mo ito sa kung paano mo kinikilala ang wikang magiging daan mo para maipahayag kung sino ka. Nakakalungkot kasi na ipinapakipaglapan pa natin ang wikang Filipino sa larangan ng edukasyon. Bakit nga ba ganoon ang nangyayari? Kaya hindi rin nakapagtataka na maraming mga estudyante natin ang hindi rin marunong gumamit ng wika. Hindi mo na malaman kung saan nga ba talaga sila mahusay. Sa pangkalahatan, hindi ganap ang kahusayan nila sa wikang



Si Dr. George Francisco ay kasalukuyang dekano ng College of Liberal Arts and Communication at mahigit 10 taon nang

nagtuturo ng Filipino (Pagsusulit-wika, Isyu at Kalakaran sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan, atbp.) sa kolehiyo at sa paaralang gradwado.



Si Dr. Lakandupil Garcia ay 23 taon nang nagtuturo ng wikang Filipino sa kolehiyo at paaralang gradwado. Sa kasalukuyan, siya ay pangalawang pangulo ng Pambansang

Samahan ng Linggwistikang Filipino, at kasapi rin ng Tanggol Wika—isang alyansa ng mga guro sa kolehiyo na naglalayong labanan ang mga "pag-atake sa wikang pambansa."



Si Gng. May Mojica ang ngayo'y tagapangulo sa Kagawaran ng Filipino at Panitikan. Nagtuturo rin siya ng asignaturang Filipino at

kasalukuyang nag-aaral sa paaralang gradwado kaugnay sa Araling Pilipinas (Philippine Studies).



Ingles, pero hindi rin naman masasabing ganap ang kahusayan nila sa Filipino. Bakit? Kasi nga hindi nila alam kung alin ang pahahalagahan at kung paano nila aalagaan ang kung ano'ng mayroon tayo.

Natatakot kasi ako na 'yong kulturang mahina, malalamon ng kulturang mas malakas. So, kapag hindi ka naging matatag sa identidad mo—sa wika mo, sa kung sino ka bilang Pilipino—kapag hindi ka matatag, 'yong kulturang pinangangalagaan mo ay may posibilidad na bumagsak. Walang tanging makakapagbuo nito kundi tayo rin, at napakalaki ng papel na gagampanan ng wika rito.

GF: 'Yong isang malungkot na realidad nga doon ay hindi [na nga naman] dapat ipinaglalaman [pa ang wikang Filipino sa larangan ng edukasyon]. Kasi ang paggamit nito ay natural na nating taglay. Kumbaga, anumang bagay na [natural lamang na] sa iyo, hindi mo na dapat kailangang ipakipaglaban pa [para magamit at maisabuhay mo]. Sa halip na ipaglaban mo pa, dapat papapagyamanin mo na lang siya, na ang dapat mo na lang gawin ay isipin kung paano mo siya i-*enhance*: mapapalawak, mapapalaganap, mapapayabong pa.... Dapat nandoon na tayo ngayon sa yugtong iyon ng wikang Filipino.

LG: Si Dr. [Ponciano] Pineda noon sabi niya, dati raw nasa batalan ang

Filipino, ngayon daw ay malapit na sa pintuan. E ngayon, parang baligtad na ang nangyayari: parang papalayo na tayo. Dati, papasok na e. Dapat talaga, sa yugtong ito, payayabungin na lang e.

Newsette: Anu-ano po ang mga positibo at negatibong salik (*factors*) na nakakaimpluwensya sa pagyabong ng wikang Filipino sa ating lipunan?

MM: Siguro, isang salik 'yong pagkakaroon ng hadlang kung bakit nga

ba hanggang ngayon ay ipinapakipaglaban pa natin ang Filipino sa larangan ng edukasyon. 'Yong 'di gaanong positibong opinyon ng mga tao—lalo't higit sila na mga nakaupo o itinuturing na mga institusyon sa pagpapaunlad sa larangan ng edukasyon. Iyong palagay o pangamba nila na hindi kaya ng wika natin ang makisabay sa pag-unlad pagdating sa agham, teknolohiya.... Isang salik siguro 'yong hindi mo pananalig sa kakayanan ng wika mo—'yong kawalan mo ng kumpiyansa at pagtitiwala sa kapasidad at buong potensyal ng wika mo. Isa 'yon sa maaaring negatibong salik. At dahil hindi ka naniniwala, kahit na may pagkakataon at kahit na may potensyal ang wika natin, nahahadlangan ang pagyabong nito. Kasi kung mataas lang ang kumpiyansa mo sa kapasidad at potensyal ng wika mo, hindi magkakaroon ng usaping pang-wika sa kasalukuyan. Hindi magkakaroon ng pagdadalawang-isip na gamitin ito sa lalong mataas na larangan ng edukasyon.

LG: Hanggang ngayon kasi, ang tingin sa wika natin bata pa e. 'Yon bang, "Naku, huwag mo siyang patawirin sa kalsada, baka masagasaan, hindi pa niya kaya...." E, hindi mo alam, 'yong bata pala ay ambilis nang kumaripas ng takbo at kayang-kaya na niya. Samantalang kung natatandaan ninyo noon, matagal nang ginamit ng Channel 2 ang wika sa Science, sa Math (sa mga palabas

...kung natatandaan ninyo noon, matagal nang ginamit ng Channel 2 ang Filipino sa Science at Math (sa mga palabas na "Mathtinik" at "Sineskwela"). Pero baligtad ngayon. Ipinipilit na naman nila na hindi raw kaya ng wikang Filipino. Ano bang problema?



na “Mathtinik” at “Sineskwela”). Pero baligtad na ngayon. Parang ipinipilit na naman nila na hindi raw kaya. Ano bang problema? Sa akala ba nila ‘yang Philosophy, ‘yang Biology, purong Ingles ang mga ‘yan? Nanghiram din naman sila sa Griyego, at nagkaroon lang naman ng mga termino sa Ingles. Ganun din ang ginagawa natin ngayon. Kaya kung gumagamit man tayo ngayon ng mga salitang “teksbuk”—T-E-K-S-B-U-K—bakit nila aakalain na nagta-Taglish tayo? Hindi—kasi, Filipino na ‘yun e. Pagdating sa ispelang at pagbigkas, hindi na iyon Ingles. Ano bang problema roon?

Sa akin kasi, ang mabigat na salik dito—at nakita ko mismo ‘yon sa liham ni Dr. [Patricia] Licuanan (kasalukuyang tagapangulo ng CHED)—mayroon silang kaunting kalituhan doon sa paggamit ng Filipino bilang wikang panturo at Filipino bilang asignatura (*subject*). Kami, sumusuporta kami sa paggamit ng Filipino sa Kasaysayan, sa Pilosopiya...natutuwa kami roon. Ganunpaman, ang punto namin ay ‘yong pagtuturo ng Filipino bilang asignatura. Dito sa atin, halimbawa, akala nila tama pa rin ‘yong gamit nila ng “salumpuwit” para sa “upuan.” Akala nila ay gumagamit pa rin tayo ng mga ganoong salita. Hindi—hindi na ganoon lang ang Filipino. Mas maunlad pa roon ang Filipino. Iba ‘yong wikang panturo, iba naman ‘yong wika bilang asignatura. At ang Filipino bilang asignatura ang kinatawagan naming mawala sa antas tersyarya.

GF: Una kong nakikitang negatibong

factor dito ay ‘yong kawalan ng *political will*. Halimbawa, hindi gaanong nabibigyan ng puwang ng pamahalaan ang halaga at gamit ng wikang Filipino sa malalaking *domain*. Iyong pangalawang salik na negatibo ay ‘yong pagtanggap ng *speech community* o pangkat-wika. Minsan kasi, kulang ang suporta ng mga Pilipino sa wikang Filipino. Halimbawa, *there are Cebuanos and other ethnic groups who do not like Filipino as the country’s national language*. Pumunta ka ng Hawaii: hindi nila sasabihing Pilipino sila; *they would rather say Ilokano* sila. Kumbaga, mayroong *sectioning* pa rin sa usapin ng kultura, na kung saang kultura o *ethnolinguistic group* ako nanggaling, iyon ang dominante sa akin. Isang negatibong salik iyon na nakakaapekto sa pag-unlad ng wikang Filipino—iyong konsepto ng etnosentrismo (*ethnocentrism*). Malakas pa rin kasi ang pwersa ng etnosentrismo o ‘yong pagkilala lang sa kulturang kinabibilangan mo. Kaya may mga grupo o rehiyon sa Pilipinas na hindi pa rin ganoon katanggap [ang Filipino]. Hindi lahat ng komunidad o pamayanang pangwika sa Pilipinas ay buong-pusong sumusuporta sa Filipino.

Sa positibo naman, syempre, malaki ang pasasalamat namin sa mga *media organization*. Kasi ginagamit nila ang wikang Filipino. Inamin naman ‘yan ni Charie Villa (news head sa ABS-CBN Regional Network Group) sa kumperensyang dinaluhan namin sa Iloilo. Kailangan daw nila ng tulong naming mga nasa *Filipino group* o *sector*

dahil sila mismo sa *media*, tanggap nila ‘yong kakulangan nila sa kaalamang pang-wika. Sabi pa, “pinatay” daw nila talaga—at tahasan nilang “pinatay”—‘yong mga programang balita sa wikang Ingles at iba pang mga palabas sa wikang Ingles para mas dumami pa ang mga manonood na tumangkilik sa istasyon nila. Ibig sabihin, sinusunod nila kung ano ang hinihingi ng lipunan. So, sa pagpatay nila sa mga palabas na Ingles sa programa nila, ibig sabihin may papel o puwang talaga ang wikang Filipino sa ating lipunan. Kaya isang positibong salik ang *media*.

Isa pang positibong salik ay ang mga organisasyong pangwika sa Pilipinas na nagsusulong sa wikang Filipino. Marami naman iyon. May kanya-kanyang mga *agenda*, may kanya-kanyang mga misyon-bisyon para mapalaganap ang wikang Filipino.

Bagaman *we claim that the lingua franca is Filipino*. Pero madali lang kasi itong sabihin...pag pumunta ka pa rin sa iba’t ibang rehiyon sa Pilipinas, mula Batanes hanggang Tawi-tawi, hindi mo makikita ‘yong normalisadong gamit ng Filipino. Naiintindihan nila, nakakapagsalita sila, pero ‘yong gamit nito sa araw-araw, hindi *highly observed* sa mga komunidad nila.

MM: Isa pang positibong salik ay ‘yong patuloy na pagkakaroon ng mga organisasyong [pang-wika]. Kasi naninindigan talaga sila para sa pagpapataas ng wikang Filipino. Lalupa’t ang *political will* ay mahina, talagang nangangailangan ng matatag na pagtindig sa usapin ng wika sa kasalukuyan. Ang kagandahan nito, may mga tagapagsulong at patuloy pa ring nananalig, sa kabila ng takot ng ilan na mapag-iwanan ng dayuhang wika. Kung sa palagay natin ay matatag talaga tayo sa pananalig na ito, hindi na natin pangangambahan ‘yong kanluraning pag-iisip na nakasalig sa wikang dayuhan—na hindi umano kaya ng wika mo.

LG: Ang sa akin, may dalawang bagay na oras na makita kong nabago na, doon ako kakabahan. Una, ‘yong mga militanteng grupo—oras na mag-Ingles na ‘yang mga ‘yan, kakabahan na ako. Kasi hangga’t ginagamit pa [nila] ‘yung Filipino, para sa akin positibo ‘yon. Maging ang simbahan, partikular ang Iglesia ni Kristo—ang opisyal nilang wika talaga ay Filipino. Sa parte naman

ng Katolisismo, mapapansin natin na marami pa ring simbahang nagmimisa sa Filipino. Ang kailangan lamang talaga dito ay 'yong maipakita natin na kailangang-kailangan pa talaga ang wikang Filipino. Ang mga militanteng grupo at saka 'yong mga organisasyong pang-wika—kapag sila na ang sumuko, doon na ako kakabahan talaga.

Newsette: Kung hindi man tuluyang mawala ay mababawasan naman nang husto ang mga kursong Filipino sa kolehiyo. Sa inyong palagay, ano kaya ang pinakamainam na gawin ng mga pamantasan tungkol dito?

GF: Manindigan ang mga pamantasan—ganun kasimple. Katulad natin dito sa La Salle-Dasma, talagang nanindigan ang Kagawaran ng Filipino at Panitikan na magkaroon ng kahit na isa lang na Filipino *subject* na *io-offer*. At nakakatuwang isipin na ito naman ay inaprubahan ng Academic Council. Ibig sabihin, balanseng *maio-offer* ang Ingles at ang Filipino. *So*, ngayon dalawang kasanayang pang-wika ang inaasahang hahasa sa mga bata. 'Yon ang senyales na progresibo ang isang pamantasan—kasi nakikita nito ang pangangailangan. At nakita naman iyon ng mga tagapangulo mula sa iba't ibang departamento ng DLSU-D—na mayroong pangangailangan talaga, kung kaya't ito ay kanilang isinulong din. Bukod sa Filipino Department, katuwang ang lahat ng departamento [sa kaisipan] na nararapat na mayroong kahit isa man lang na Filipino [*subject*]. Ang nakakalungkot, 'yong ibang pamantasan: wala talaga sila ni isang Filipino [*subject*], gaya ng DLSU-Manila, UST, marami pa.... *So*, kailangan lang talaga, magkaroon ng paninindigan ang mga departamento [ng mga eskwelahang iyon] na may pangangailangan pa sa asignaturang Filipino. Kasi, kapag *justify* naman 'yon, sa tingin ko, magiging bukas naman ang mga administrasyon [nila] tungkol doon.

Newsette: So, nagkulang lang ba sa suporta ang Filipino subject sa mga pamantasan nila?

GF: Hindi ko masabing nagkulang...baka iba lang 'yong *support system* kasi nila. Dito kasi sa atin, ang nangyari, sinuportahan

talaga tayo ng ibang mga departamento gaya ng nasa College of Science, College of Business Administration—kung saan Ingles talaga ang pangunahing wikang ginagamit sa disiplina nila. Nakita kasi nilang may pangangailangan sa wikang Filipino sa larangan nila. Halimbawa, sa Business Administration: mayroon silang Marketing and Advertising. Kapag nagtatrabaho na ang mga *graduate* nila, upang mai-*market* nila 'yong produkto nila, kinakailangan nilang gamitin ang wikang Filipino. Marahil ay doon nakita ng College of Business Administration na kailangang matuto [ng mga estudyante nila] ng tamang Filipino. Sa College of Science naman, halimbawa sa Biology, *the chair herself mentioned that there is a need for this subject* (Filipino) kasi mayroon silang tinatawag na *community outreach* na ang *approach* ay mula sa Biology. Para nga naman ang mga Bio *graduate* natin, alam nila kung paano makipag-usap sa mga komunidad na pinupuntahan nila. Iyon ang isang nakakatuwang senyales na bukas ang isipan ng marami rito sa atin na magkaroon ng Filipino bilang aralin sa kolehiyo.

MM: Sang-ayon ako sa sinabi ni [GF]...kasi talagang pinangambahan natin na mawala sa mandato ng CHED ang Filipino bilang asignatura sa kolehiyo, na ito nga ay [pag-aaralan na lamang] sa Grades 11 at 12 (*senior high*

school). Pero naniniwala nga kami talaga, sampu ng aking kasamahan, na may pangangailangan sa Filipino sa iba't ibang larangan. Halimbawa ang Social Sciences Department: ang kanilang kliyente ay masa—at ano ba ang wikang ginagamit ng masa? *So*, hindi maaaring wala silang husay sa paggamit ng wika sapagkat ang kanilang pagsisilbihan sa kanilang larangan ay ang masang Pilipino—at Filipino ang wikang malapit sa masa. Pasalamat na rin kami dahil hindi nga kami napagaya sa ibang pamantasan na nang-aamot na lamang ng kahit isang Filipino *subject* man lang sa kolehiyo.... Sabi nga ng isang propesor sa Economics, bakit ba kasi napakahirap sa CHED na ibigay 'yong isang Filipino *subject* lang—kahit isa na lang—sa mga pamantasan?

LG: Sa pagkakataong ito, gusto kong ulitin: noong marinig ko 'yong desisyon ng Administrasyon, sabi ko, “Salamat sa administrasyon (DLSU-D) kasi mayroon silang puso.” Kasi kung tutuusin, may karapatan ang administrasyon na ipilit na Ingles na lamang ang iwanang araling pang-wika. Pero doon ko lalong naramdaman 'yong suporta ng administrasyon. Pangalawang nakita kong maganda rito ay 'yong tinatawag nating “*academic humility*.” Pwede nga kasing sabihin ng isang propesor ng Social Sciences na, “Hindi ko na kailangan ang Filipino *subject*; kaya ko namang ituro



sa Filipino ang *subject* ko.” Pero hindi naman nila sinabi ‘yon, bagkus kinikilala pa rin nila ‘yong ispesyalisasyon ng mga nagtuturo ng Filipino.

Ganunpaman, gusto kong idagdag, si Propesor Virgilio Almario (punong komisyoner, Pambansang Alagad ng Wika), nang nagsalita siya rito sa DLSU-D, nabuksan niya ‘yong isang isyu at maganda ‘yong tanong niya: ‘Yon ba raw Bilingual Education Policy (DECS Order No. 52, series 1987) ay na-repeal na—nawala na? Nang sinabi ni Prop. Almario ‘yon, malinaw na sinabi ng *legal counsel* ni Congressman Tinio na hindi pa ito napapalitan. At maliwanag ang nakalagay sa polisyang iyon ang mga sumusunod: “#1 (e) *Filipino and English shall be taught as language subjects in all levels to achieve the goals of bilingual competence.*” At ito pa: “(f) *Since competence in the use of BOTH Filipino and English is one of the goals of the bilingual education policy, continuing improvement in the teaching of both languages, their use as media of instruction and the specification of their function in Philippine schooling shall be the responsibility of the whole educational system.*” Itutuloy ko sa: “(g) *Tertiary level institutions shall lead in the continuing intellectualization of Filipino.*” Tama si Prop. Almario e. Kung hindi pa nga naman napapalitan ang polisyang ito, dapat lamang na sundin ito. Kaya, ano nga ba ang dapat na gawin ng mga pamantasan tungkol dito? Sundin kung ano ang nasa batas!

Newsette: Ibig po bang sabihin, ‘yong ginawa ng CHED--may paglabag ‘yon sa batas?

LG: Hindi nila matanggap ‘yon. Pero *for the record* at ito ay...sapagkat hindi lang ako ang naroroon, doon tumaas ang presyon ni Dr. Diokno at nag-walk out siya e. Ang naiwan lang ay si Dr. Isagani Cruz. Ang masaklap, nang lumabas ang liham ni Dr. Licuanan, mukhang hindi naibigay sa kaniya ‘yong impormasyong ‘yon. Kasi wala si Dr. Licuanan nang mga panahong ‘yon e. At ayokong maging malisyoso, pero parang ang ibinigay lamang sa kaniya ay kung ano lang ang dapat niyang marinig. Pero uulitin namin, sa harapan ni Congressman Tinio at ‘yong mismong *legal counsel* na ang nagsabi, hindi pa ito (Bilingual

Education Policy) napapalitan. Hindi naman sa sinisiraan namin ang CHED. Ang gusto lang namin, linawin itong mabuti. Sa amin kasi, kung ang talagang gusto lamang nila ay ibaba ang lahat ng *basic education subjects* sa *senior high school* (Grades 11 at 12), e ‘di sama-sama na nilang ibaba lahat. Nagtataka kasi kami: bakit ‘yong Rizal course nasa college pa rin? E samantalang mula elementary hanggang high school, pinag-aaralan na ‘yan ng mga estudyante. ‘Yang kasaysayan ng Pilipinas, kasama pa rin? E, paulit-ulit lang naman ‘yan—naiiba ba ang kasaysayan ng Pilipinas sa high school/elementary sa kolehiyo? ‘Yong uri lang naman ng pagtuturo ang nabago e. Ngayon, kung gusto nila, ibaba nilang lahat sa senior high school ang mga *basic subjects* na ‘yan, hindi na kami kikibo. Pero kung mayroong naiwan pa—at hindi namin makita kung bakit naiwan pa—doon naman kami hindi pumapayag.

Newsette: Bakit nga ba Ingles at hindi Filipino ang ginagamit na wika sa mga power domain (halimbawa, Siyensa, Medisina, Abogasya, atbp.) dito sa Pilipinas? May pag-asa kayang dumating ang panahong Filipino na rin ang opisyal na gagamiting wika sa mga larangang ito? Ano ang hadlang?

LG: Ang susing salita rito ay “opisyal.” Alam nating lahat ito. Nakalagay sa

Kung ang PhD. ko ay Cell Biology—bukas ba ang isip kong maituro ito sa wikang Filipino? Sa Indonesia, ang Psychology nila ay itinuturo sa wika nila. Kasi nga, bata pa lang sila, alam na nila: ‘Eto ang identidad namin. Natutulungan kaming makilala ang sarili namin sa tulong ng wika namin.’

Konstitusyon, dalawa ang opisyal na wika ng Pilipinas: Filipino at Ingles. Kapag kasi “opisyal,” ibig sabihin legal ‘yan. Kapag naisulat ‘yan sa ganoong mga wika, itinuturing na legal. Dati, noong mga panahong 1920s hanggang 1940s, aral sa Español ang mga mambabatas natin kaya noong mga panahong ‘yon, medyo dominante ang Español. Ngayon, siguro kasi aral sila sa Ingles, kaya itinuturo rin nila ang Medisina sa Ingles, Abogasya sa Ingles—kaya Ingles ang nagagamit. May tiyuhin akong abogado—isang piskal. Sabi niya, sa mga *proceedings*, hindi naman daw purong Ingles e. Iba ang pagkakasulat ng *stenographer* doon sa aktuwal na sinabi ng testigo. Kailangan kasing isalin ng *stenographer* sa Ingles ang sinasabi ng testigo sa sarili niyang wika. Isang klasikong halimbawa niyan ay ‘yong “*Planting rice is never fun...*” na Ingles na bersyon ng “Magtanim ay ‘di biro.” Sa halip na “*Planting rice is not a joke...*” [na siyang tamang salin sa Ingles], para lang magkaroon ng tugma sa ikalawang linya, ginawa itong “...*is never fun.*” Masamang salin ‘yon pamula Filipino patungong Ingles. Kaya nga may biruan: mananalo raw tayo sa sunod-sunod na *international beauty contests* kapag nagsalita ng Filipino ‘yong *contestant* at magaling ang *interpreter* natin sa Ingles.

MM: Nakapalaman kasi sa wikang Ingles ‘yong kaalaman sa mga ganitong *domain*—Mathematics, Science and Technology...pawang sa Ingles nakasulat ang mga kaalamang ito. At dahil sa Ingles nakasulat, ito rin ang batayan nila ng pagkatuto. Pero meron kasi akong nabasa sa panulat ni Dr. Florentino Hornedo (premyadong mananaliksik, manunulat at guro) na mayroon tayong tinatawag na “*vital thought*” at “*reflexive thought.*” Ang *vital thought* ay ang diwang buhay, at ang *reflexive thought* ay ‘yong diwang malay. ‘Yong diwang buhay ay tumutukoy sa paggamit mo ng wika sa pang-araw-araw na sitwasyon—sa pakikipag-usap, sa palengke, sa bahay. ‘Yong *reflexive thought* naman, ginagamit mo sa mataas na domain. Dito nakapaloob ang intelektuwalisasyon ng Filipino sa mas mataas na *domain*. Kinakailangang ‘yon ang magkaroon tayo: bukod sa diwang buhay, mayroon din dapat tayong diwang malay na kaya nating gamitin ang Filipino sa mas matataas na

domain, gaya ng Agham at Teknolohiya. Ito ay maaaring sa pamamagitan ng pagsasalin (*translation*). Ibig sabihin, kaya nating tapatan sa wikang Filipino ang kung anumang sinasabi sa agham at teknolohiya at matematika. Pwede naman nating tapatan ang mga ito sa wika natin kung konsepto lang naman ang kukuhanin natin.

Nga lang, kulang ang motibasyon upang maisagawa ito. Kulang tayo sa kagamitang panturo, walang gaanong aklat na nakasulat para sa mga iyon. Kasi nga, walang nagtatangka at hindi pa ganoon ang pagtanggap na may potensyal ang wika. Kung magagawa lamang talaga sa buong kapuluan na suportahan ang pagsasalin—ang pagbuo ng mga kagamitang panturo, mga babasahin sa matataas na mga *domain* na ito sa wikang higit na naiintindihan ng batang mag-aaral—siguro hindi malayong magamit at maging intelektwalisado na ang Filipino at magagamit na ito sa mas mataas na *domain*. Kailangan lang talaga ng suporta—pinansyal at iba pa. Katulad sa Japan. Lahat halos ay naisasalin nila sa wika nila. Kung kaya nila, kaya rin natin. Kumbaga, hindi naman tayo dapat palaging nakaasa na lamang sa kung ano’ng ipinapabasa sa atin—dapat gumawa rin tayo ng atin.

GF: Kasi nga, sa Ingles nakasulat ang halos lahat ng batis ng karunungan. Ngayon, sa halip na masagot ang tanong na ito, magpo-*pose* na lang ako ng hamon (*challenge*) na mapalaganap talaga ang pagsasalin. Kasi kung maisasalin lahat ‘yong mga batis ng karunungan at kaalaman na iyon mula Ingles patungong Filipino, magagamit nga natin talaga ang Filipino sa mga *power domain*. Ang magiging tanong ngayon kung sakali: Bakit Filipino na ang ginagamit sa mga power domain? Kasi ang *power domain*, naisalin na sa wikang Filipino. Ibig sabihin, *available* na ‘yung *resources* sa Filipino, *therefore*, mayroon nang magagamit. Sa ngayon, kulang kasi. Realidad din ‘yon. May mga nailathala nang aklat sa Matematika, Biology, atbp. sa Filipino, pero *basic* siya. Kumbaga, *fundamentals of Biology* pa lang. Pero sa *mainstream* ng Biology gaya ng cell biology, atbp., wala pa.

Sa pamamagitan ng Sentro ng Wikang



Filipino—may mga aklat na sa mga *domain* na ito. Pero puro *fundamentals* pa nga lang. Kasi ang nararapat na katuwang namin sa pagsasalin para sa mga *domain* na ito ay sila mismo na mga nagtuturo talaga sa mga disiplinang ‘yon. Kasi isa sa mga tuntunin ng pagsasalin ay dapat (1) bihasa ka sa dalawang wika, at (2) disiplinamo talaga ‘yon—para mas madali mong mailapat ‘yong salita sa isasalin mo. Kami kasi sa larangan ng Filipino, hindi namin basta magagawang pasukin ang *mainstream Engineering*, halimbawa; hindi namin basta magagawang pasukin ang *mainstream Technology* o *Science*. Kaya ang mangyayari, dapat may katuwang kami na mga eksperto sa ganung larangan. Kami, titignan lang namin ‘yong hubog ng pagsasalin. Kasi dadaan ‘yan sa *readability test*—kung ito ba ay madaling maunawaan, maintindihan.... Pero ang konsepto mismo, ang mahusay na makakapagpaliwanag niyon ay ‘yong mga eksperto talaga sa larangang iyon. Kaya, mahalaga ‘yon—‘yong *partnership* na ‘yon.

Newssette: Pero may sumasagabal ba sa *partnership* na ‘yon....?

GF: Dedepende yan sa pagiging *open* o bukas ng mga eksperto. Halimbawa, kung ang PhD. ko ay Cell Biology—bukas ba akong maituro ‘yon sa wikang Filipino? Sa karanasan halimbawa ng Indonesia, ang Psychology nila ay itinuturo sa wikang Bahasa Indonesia. Kasi nga, sa kanilang kamalayan (*consciousness*), bata pa lang

silal alam na nila na: “Eto ang identidad namin. Natutulungan kaming mahubog o makilala ang sarili namin sa tulong ng wika ng bansa namin.” Dahil diyan, madali para sa kanilang maging bukas na maisalin ang malalaking disiplinamo o *power domain* sa wika nila. Kasi bata pa lang sila, mulat na sila na napakahalaga ng pambansang identidad.

LG: Tama nga ‘yon. Kung bata ka pa, alam mo na kaya ka nga kukuha ng ganitong karunungan ay para sa kapakinabangan mo at ng bayan mo. At sa ikauunlad ng bayan mo, gagamitin mo nga naman ang mga napag-aralan mong ‘yon at gugustuhin mong ibahagi ‘yon sa sarili mong wika. Pero kung bata ka pa lang, at ang gusto mo, “Gusto kong maging doktor sa New York (o sa iba pang lugar sa ibang bansa)”—wala na! Talaga nga namang mas gugustuhin mo na lang matuto ng Ingles. Kasi, aanuhin mo ang Filipino kung sa ibang bansa mo gusto magsilbi?

GF: Parang konsepto ng *cultural imperialism*. Kasi hindi ba, bata pa lang tayo, may konsepto na tayo ng “*stateside*”? Ng “Disneyland,” ng “Universal Studios”...so, ‘yung *consciousness* natin sa murang edad, mayroon nang mga ganoong konsepto. At dahil ganoon nga ang *consciousness* natin, *subconsciously* pati kumpiyansa natin sa wika natin naaapektuhan. Sa halip na konsepto ng Disneyland lang o *stateside* lang, bitbit mo na rin pati ‘yong wikang Ingles. Kaya tuloy parang “malabnaw” ‘yong identidad

natin.

MM: ‘Yan din ang sinasabi ko kanina, na kapag hindi matatag ang kultura mo, masasapawan o lalamunin ka ng mas malakas na kultura. Imperyalismo. Hindi mo kasi napatatag ang sa iyo. Pero kung sa kabila ng mga *stateside*, Universal Studios—sa kabila ng lahat ng ‘yan, matatag ang identidad mo, makikita mo pa rin kung ano ang atin. Kinakailangan talagang mapatatag ang kultura natin, ‘yong identidad natin, ‘yong kaakuhan mo bilang Pilipino—tayo bilang isang bansa. Tayo kasi ang bumubuo ng bansa e. Sa pamamagitan ng wikang ito, mabubuo natin kung sino tayo sa paningin ng mga taga-labas. Gusto ko kasing gamitin ‘yong kay Zeus Salazar na Pantayong Pananaw. Na nanggagaling ang identidad natin mismo sa mga naandito sa loob ng bansa natin—na tayong mga Pilipino ay ganito; sila naman ay ganoon. Kumbaga, dito mo titignan ang sarili mo—hindi ‘yong nakikita mo ang sarili mo depende sa kung papaano ka tingnan ng iba. Na kapag sinabi nila tungkol sa mga Pinoy—“ay, wala namang kapasidad ang mga ‘yan!”—hindi mo hahayaang ganoon ang mangyari. Kinakailangang tayo mismo dito sa Pilipinas ang bumuo ng identidad natin para makita ng mga taga-ibang bansa kung sino at ano ba talaga tayo. Kaya dapat matatag talaga ang kultura natin sa pagharap natin sa kanila.

GF: Sa Korea, *they have a very strong national identity*. Tapos, napapansin ko rin ‘yan kapag dumadalo ako ng mga *national day celebrations* ng iba-ibang bansa sa mga embahada nila dito sa atin. Kapag pambansang awit nila ang kinakanta, matikas sila. *Upright position* sila; kumakanta—at madamdamin ang pagkanta nila. *Basic gestures* lang, pero doon mo masusukat kung paano nila pinapahalagahan ang kanilang kultura at identidad. Dito sa atin, kapag tinutugtog ang “Lupang Hinirang,” talagang may naglalakad pa rin, may hindi humahawak sa dibdib; mayroon nga sa sinehan, nakaupo pa rin...at masahol pa, hindi kumakanta. Kung ihahambing mo ito sa ibang bansa, kung hindi man sila nakasaludo, ang pagkanta naman nila ay madamdamin.

MM: Mayroon kasi tayong kolonyal na mentalidad. Na ayaw nating tangkilikin ‘yong atin. Kung sabagay, kung minsan,



hindi mo rin naman masisisi. Kasi nakakalungkot na minsan, hindi mo rin naman maipantay ang kalidad ng mga produkto natin sa gawa sa ibang bansa. Halimbawa, sa mga gamit, kapag medyo mahal, signature brand, gawa sa ibang bansa—kahit paano, garantisadong may tibay. Ang katwiran kasi, “E paano naman, kung gawa dito, hindi naman matibay...” Siguro isa ito sa mga salik na nakaka-apekto sa atin. Bukod sa naturuan na tayong mas piliin ang *stateside*, ‘yong ibang lokal na produkto hindi rin naman pinaghuhusay ang kalidad.

Pero siyempre, *once* na matibay ang *cultural identity* mo, kesehodang kung anumang impluwensyang mayroong dala ang dayuhan, mananatili at mananatili ang identidad mo. Kaya nga, nakakalungkot. Hindi naman ako laban sa ASEAN *integration*, pero papaano mo ba talaga titignan ang mga mag-aaral na Pilipino? Manggagawa na lang ba sila? Hindi mo ba nakikita ‘yong potensyal nilang magmay-ari ng kumpanya? Bagaman maganda naman ang layunin, pero kasi, kaya nga sila nag-aaral ay para bumuo sila ng sarili nilang kapasidad. Pero mukhang ang ipinapatahak yata sa kanila ay ang manatili na lang silang manggagawa para sa mga mas malalaking kumpanya na hindi naman atin. Bakit hindi natin bigyang pagkakataon na sila (mag-aaral na Pilipino) ang bumuo ng sarili nilang kumpanya sa sarili nating bansa? Na sila naman ang manguna? Hindi naman nga ako laban doon (ASEAN *integration*), pero ayoko kasi ng konsepto na kaya ka lang nag-aaral ay para lang makapagtrabaho ka sa ibang bansa. Palagi kasing ‘yon na lang

ang patunguhan e. Na ang konsepto ng magandang kinabukasan ay nasa ibang bansa. Parang hindi natin nakikita ang potensyal ng Pilipinas kung saan pwede kang maging mahusay na entrepreneur, maging mahusay na negosyante.

Newsette: Ano ang nakikita ninyong puwang ng wikang Filipino sa globalisasyon?

GF: Kung puwang ang pag-uusapan, malaki ang puwang. Malaki ang espasyo, dahil ang mga Pilipino sa kasalukuyan, gusto mag-*migrate*. Saan? Sa Canada, sa Amerika, sa Australia. ‘Yang tatlong malalaking kontinente na ‘yan ang tinatarget ng mga Pinoy. Ibig sabihin, sa pag-alis ng bawat Pilipino rito sa Pilipinas, bitbit nila ang kultura natin. At bahagi ng kultura na ‘yon ang wikang sinasalita nila. Kaya lumalago ang Filipino language course (o Tagalog course, kung tawagin nila sa mga bansang ‘yon) dahil marami ngayong Pilipino sa mga bansang ‘yon. So, nagiging *available* ngayon ang Tagalog course para sa mga eskwela roon. Halimbawa, sa Canada, dineklara na “*third fastest growing language*” ang Tagalog. Sa San Francisco, may sertipikasyon na ang Filipino bilang *required language for learning* na rin. Kapag sinuyod mo ang Northern hanggang Southern California, doon mo makikita na napakaraming paaralan ang nag-*offer* ng Tagalog o Philippine Studies bilang isang programa. Halimbawa, sa University of California Berkeley pa lang, mayroon silang 900 *students* na kumukuha ng Philippine Studies na bahagi ang Tagalog course. Tapos, sa University of San Francisco

(na isang pribadong unibersidad), mayroon silang 400-500 mag-aaral na kumukuha nito. Dalawang paaralan pa lamang ‘yan. Kapag bumaba ka pa ng Southern California, napakarami pa ring mga estudyante ang kumukuha. Kasi nga, *heritage course* itong itinuturing at *required* sa kanila ‘yon. Kaya naman sa Canada, napakaraming programa tungkol sa wika. Halimbawa, kung pupunta ako roon para mag-Nurse, mayroong *specific language* akong pag-aaralan para sa pagna-Nurse. Kung pupunta ako as caregiver, may *specific language program* na ituturo sa akin para roon. Kung pupunta naman ako bilang engineer, ganoon pa rin. Hindi siya *generic*. Kumbaga, *skills-based* ‘yong pag-aaralan mong programang pang-wika. Nagdidisenyo talaga sila ng programa para matugunan ‘yong suliraning pang-wika.

Tapos, halimbawa may isang bata roon na hindi makapagsalita ng Ingles. Ang ginagawa ng US government, inihihawalay muna siya at isinasailalim sa isang *intervention program* sa wikang nalalaman niya. *So* ibig sabihin, malaki ang suporta ng gobyerno. Hindi ka pwedeng ma-*deprive* sa usaping pang-wika. Bibigyan at bibigyan ka nila ng *opportunity*.

Pangalawa, napakaraming organisasyong pangkultura / pang-wika sa Amerika, sa West Coast pa lang. Sa East Coast—sa New York pababa sa iba pang estado—mayroon ding mga programang Philippine Studies, bagama’t hindi kasingdami ng nasa West Coast. Sa Midwest, halimbawa sa Chicago, andami ring mga Pinoy na naroroon. Dahil maraming Pinoy, may konsepto tuloy ng *sandwich theory*. *I will call it “sandwich theory”* kasi, eto si East Coast, nasa kabilang dulo si West Coast, samantalang nasa gitna naman si Midwest at nasa-*sandwich* siya ng dalawa. Kung sa mga *area* na ito, maraming Pilipino—kaliwa, kanan, gitna—nasa-*sandwich* na rin ‘yung kultura ng Amerika. Lumalawak ngayon ‘yong Filipino kasi nasasakop niya ang Amerika. Kaya, hangga’t may Pilipino sa Amerika, sa Canada, sa Australia, buhay na buhay ang wikang Filipino sa ibang bansa.

MM: Totoo naman ‘yon na may malaking puwang ang Filipino sa

globalisasyon dahil magagamit na ito sa mataas na *domain*. Mayroon tayong AFAP (Advanced Filipino Abroad Program) kung saan talagang magtataka ka kasi mga Amerikano, mga Swedish ang nag-aaral. Maging sa Guam, ako mismo ay hinihimok na magturo doon kasi may Tagalog course sila. Ibig sabihin, hangga’t may Filipino *community* sa isang bansa, nandoon nga rin ang wika. At sila-sila rin ang nagsusulong. Ang kagandahan pa, nasusuportahan ito ng gobyerno nila.

LG: Sa totoo lang, mayroon din kaming kaibigan sa Winipeg sa Canada, sabi niya, anlaki na raw ng... Ang nakalulungkot lang doon, ‘yon bang parang umuunlad ang Filipino sa labas, pagdating naman dito nawawala.

MM: ‘Yan din ang sabi ni Dr. Teresita Fortunato. Umuwi siya mula sa pagtuturo ng Filipino sa Amerika. Sabi niya, “Doon nga, ang Filipino itinuturo ko; dito naman, inaalís.” Siguro ang kapasidad [para yumabong at sumulong] ang wika natin ay nasa labas pa, kaysa dito sa atin kung saan ipinaglalaban mo pa ito.

LG: Isipin mo ‘yong mga eksperto natin sa wikang Filipino—sila Teresita Ramos, Teresita Fortunato, si Ruth Mabanglo—nandodoon sila sa ibang bansa, ansaya-saya nilang nagtuturo ng Filipino roon. Tapos pagdating naman dito, sinisikil naman ang Filipino....

*Nanggagaling ang
identidad natin
mismo sa mga
naandito sa loob ng
bansa natin...
dito mo titingnan
ang sarili mo—
hindi ‘yong nakikita
mo ang sarili mo
depende sa kung
paano ka tingnan
ng iba.*

GF: Mas may tangkilik nga ang Filipino sa ibang bansa...kesa dito sa atin.

Newsette: *So, may puwang nga...?*

GF: ...at malaki ang sweldo. Kasi nga, sa Universty of San Francisco, may *vacancy* daw. Ino-*offer* sa akin ‘yong posisyon at mag-*submit* na raw ako ng *application online*. Sabi ko, hindi pa yata ako handa. Pero ang sweldo hindi raw bababa sa US\$7,000. Tapos ang ituturo ko lang daw doon, *basic conversational* Filipino lang na “Magandang umaga,” atbp.—basta *basic* lang. Hindi mo sila kasi tuturuan ng *mainstream linguistics* e. Ang ituturo mo lang, ‘yong *heritage language course approach*, na kailangan lang nilang matutunan ‘yong ruta nila.

Pero, ‘yong mga nagtuturo ng Filipino sa *abroad*—hindi lahat nagpaka-dalubhasa sa Filipino. Ang kanilang kasanayan lang ay nagsasalita sila ng Filipino, pero hindi sila ispesyalista sa Filipino. Kaya medyo hilaw pa roon ang pagtuturo ng Filipino. Kaya malaking *opportunity* iyon sa mga nandito sa Pilipinas na pwedeng doon palaganapin ang Filipino. Naisip ko nga minsan, kung ayaw nila ng Filipino dito, sa ibang bansa na lang siguro ito palaganapin para, sa ganoong paraan, baka makita rin ng pamahalaan o ng mga akademiko sa Pilipinas na, “Teka, bakit masigla ang Filipino sa *abroad*? Baka ito na ang panahon para pasiglahin din natin ito sa Pilipinas.”

LG: Ngayon, ang tanong: Kung aalis sila (GF at MM) at doon na magtuturo sa ibang bansa, sino na ngayon ang magtuturo ng mabuting Filipino rito para sumunod sa kanilang henerasyon—kung papatayin ang Filipino rito? Baka sila na ang maging huling henerasyon... kasi ilan na lang ang nagme-*major* ng Filipino? Sila (GF at MM), wala silang problema—lumabas man sila ng bansa, alam na alam nila ang wikang Filipino, at buong tiwala ako na maituturo nila ito nang mahusay. Pero pagkatapos ng henerasyon nilang mga eksperto sa wika, dahil wala na ngang Filipino sa *tertiary level*, ano na?

MM: May mga magulang din akong nakausap. Natutuwa sila na sangkot sila sa klase ko at sa klase ng ibang *faculty* sa kagawaran. Nagtanong sila sa akin kung totoo raw ba na mawawala ang Filipino.

sundin sa pahina 28

Si Br. Gelo

By Orlando A. Oliveros

p r o f a y l

Ako po si Br. Angelo Dominic Salvador Farragas FSC. Ako po ay 25 taong gulang at sa ngayon, ako po ang pinakabatang De La Salle Brother na nasa *active ministry*...”

Maaaring sabihing maagang napagtanto ni Br. Gelo ang “tawag” (*calling*) sa kaniya sa relihiyosong buhay. “Bata pa lang ako, yan na ang hilig ko, e,” kuwento niya. “Laro nga naming mga magpipinsan noon, misa-misahan...kukuha kami ng kumot, ako yung pari, sila yung mga *parishioners* ko...”

Lola niya higit sa lahat ang nakapansin sa hilig niyang ito. Lola rin niya ang humubog sa kaniya para abutin ang bokasyong ito. “Pinakilala niya ako sa mga kaibigan niyang pari. ‘Pag may nobena siya, isinasama niya ako sa simbahan. ‘Pag naman doon ako natutulog sa kanila noong bata pa ako, nagkukuwento siya sa buhay ng mga santo, mga *Bible stories*.”

Magha-*high school* na si Br. Gelo noon nang una niyang ipinaalam sa mga magulang ang kagustuhang pumasok ng seminaryo—“kaya lang, ang sabi ng aking mga magulang, masyado pa raw akong bata.” Bilang pakonsuwelo, pinayagan siyang pumasok sa isang Katolikong eskwelahan, sa Lourdes School of Mandaluyong. Nang magko-kolehiyo na siya, muli niyang tinanong kung pwede na ba siyang pumasok ng seminaryo. “Hindi” ulit ang sagot sa kaniya; masyado pa rin daw siyang bata. Dahil diyan, hinayaan na lamang siya ulit ng kaniyang mga magulang na pumili ng kahit na anong pamantasan at kahit na anong kursong gusto niyang pag-aralan. Dahil gusto niyang makasama sa eskwela ang mga pinsan, pinili niyang pumasok sa DLSU-Manila (De La Salle University-Manila) at doon siya kumuha ng AB Psychology.

‘Tao rin pala sila’

Taong 2006 noon; unang taon niya sa DLSU-Manila. Noon niya nakilala ang mga De La Salle Brothers. Medyo nalito pa siya nang una: “Noon, ang alam ko lang talaga na *religious vocation* ng lalaki ay pari. Sa Brothers, akala ko naman, parang bitin—hindi kasi sila nagmimisa. Sabi ng ilan sa mga Brothers, ‘I-explain mo na lang na para lang tayong mga lalaking madre: hindi tayo nag-aasawa, hindi tayo nagmimisa, kasi *focused*

sundan sa pahina 24

10...



...sa kaniyang
rabat at abito



SI BR. GELO SA RESIDENCIA LA SALLE: “Ang pag-tugtog po ng piano ay isa sa aking mga pangunahing libangan kapag ako po ay may oras.”

Si Br. Gelo... mula sa pahina 19

tayo sa *school*.”

Natakot din siya sa mga Brothers noong una. Para raw kasing hindi madaling lapitan ang mga Brothers—“parang antatalino nila.” Pero nawala rin ang takot niyang iyon nang nakipamuhay siya kasama ang mga ito sa loob ng limang araw na *live-in program* para sa mga interesadong maging Brother.

“Tao rin pala sila,” mismong mga katagang nasabi ni Gelo sa sarili nang nakilala na niya ang mga Brothers nang malapitan. At, “masaya pala silang kasama.”

“Akala ko rin noong una, ang mga Brothers banal na banal...na kapag nilapitan mo sila, halos ramdam mo na ‘yung kanilang kabanalan. Hindi pala. Tao rin sila na may kanya-kanyang dinadala ring personal issues, nagagalit din sila....”

Hindi man umayon sa kaniyang “mataas” na ekspektasyon ang aktuwal na pagkakilala niya sa mga Brothers, natuwa na rin siya dahil siya man ay hindi rin “perpekto.” Dahil dito’y akma pa rin siyang maging Brother. “*Blessing* na rin....” sabi niya.

Walang suweldo

Wala naman daw naging problema sa pamilya ni Br. Gelo nang nalaman nilang sinimulan na niya ang pag-*explore* sa buhay-Lasalle Brother. Maliban na lamang sa lola niya, na noong una’y nagpakita ng ‘di pagsang-ayon—“kasi ang gusto niya, pari.”

“Ang ginawa ko, isinama ko siya sa Brothers’ House...nakilala niya sila Br. Armin [Luistro FSC; kasalukuyang kalihim ng Department of Education].... Si Br. Armin naman, pumunta rin sa bahay namin. Nakita naman ni lola na masaya ako. Tinanong niya lang ako, ‘Masaya ka ba diyan?’ ‘Opo.’ ‘Sige, masaya na rin ako para sa ‘yo. Ituloy mo na ‘yan.’”

Pagka-*graduate* ni Br. Gelo, nagtuluy-tuloy na siya sa pagiging Brother—bagay na noong una’y nagpa-isip sa kaniya kung tama nga ba ang desisyon niya sa tinatahak na landasin. Una kasi’y hindi man lang daw niya na-praktis ang tinapos niyang kurso (AB Psychology)—bagay na tinugunan naman ng mga Brothers sa pamamagitan ng pag-aatas sa kaniya na maging *part-time guidance counselor*. “Ayun na, psychology na rin ‘yun.”

Pangalawa, hindi man lang daw niya nagawang kumita ng sarili niyang pera.

Galing sa isang *middle class* na pamilya si Br. Gelo, pangalawa sa tatlong magkakapatid. Kapwa retirado na ang kaniyang mga magulang: ang kaniyang ama ay dating negosyante ng *airconditioner spare parts*; ang kaniyang ina naman ay dating *department store manager* sa isang *shopping mall*. “Yung mga pangangailangan naman namin, naibigay naman nila,” kuwento ni Br. Gelo. “[Pero] maski ganoon, may bahagi po sa akin na gustong magbalik ng naibigay nila....”

Ang mga Brothers kasi, walang sweldo. “*Technically*, meron,” paliwanag ni Br. Gelo, “pero ang sweldo namin hindi namin nakikita kadalasan kasi dumidiretso na ‘yon sa *common fund* ng mga Brothers.” Ang *common fund* ng mga Brothers ang siyang nagtutustos sa mga gastusin ng bawat isang Brother ayon sa kaniyang pangangailangan.

Suporta

Pero sa kabila ng lahat ng ito, naroroon

pa rin ang suporta at pang-unawa ng kaniyang mga magulang. “Nanghihingi ba kami? Hindi naman a...” sagot daw sa kaniya ng mga magulang tungkol sa kawalan ni Br. Gelo ng kapabilidad na “makapag-abot” sa kaniyang pamilya. “Masaya nga kami na nandiyan ka, e,” dagdag pa nila.

Minsan ay biniro niya ang ama: “Pa, papaano kung ako ang panganay mong anak—hindi mo ako papayagan?” “Papayagan pa rin kita.” “E, paano kung ako lang ‘yung nag-iisa mong anak na lalaki, papayagan mo pa rin ako?” “Oo, papayagan pa rin kita...”

Naka-ilang “krisis” na rin daw si Br. Gelo na nagpa-isip sa kaniyang umatras na mula sa pagiging Brother. Ang pinakamalaking krisis daw ay noong namatay ang kaniyang lola sa sakit na kanser. Nasa loob pa siya ng formation house noon. Dahil pinakamalapit sa kaniya ang yumaong lola, naitanong niya sa sarili: “Ano pa ang ginagawa ko dito sa mga Brothers? Bakit pa ako tutuloy kung wala na ang lola ko?” Inaalala niyang hindi na raw kasi masasaksihan pa ng kaniyang lola ang katuparan ng pangarap nitong relihiyosong bokasyon para sa kaniya.

Subalit nanatiling maaasahan pa rin ang suporta ng pamilya niya sa kaniya: “Anak, ‘yan ang gusto mo...ituloy mo pa rin...ang lola mo, ‘yan ang pangarap sa iyo...” Kahit daw ang mga Brothers, nagpakita rin ng buong suporta sa kaniya.

Mga nabago

Sa bandang huli’y nanaig pa rin ang “tawag” ng relihiyosong buhay para kay Br. Gelo. Taong 2012 nang ganap na siyang naging De La Salle Brother. At ngayon ngang Brother na siya, marami naman daw magagandang nabago sa kaniya.

Una na raw dito ang kaniyang pagiging sumpungin. “Masungit kasi ako dati e,” sabi niya. “Palaban.” Halimbawa, sa kaunting pagkakamali lang daw ng isang kasamahan, sadya raw ipinapakita ni Br. Gelo ang kaniyang pagkadismaya, bukod pa sa pagbibitiw niya ng masasakit na salita.

Pero ngayong Brother na siya, mas mahaba na raw ang kaniyang pasensya. “Natuto akong magbigay ng *second chance*. Kasi, nakikita ko rin kung gaano

ka-maiintindihin ang mga Brothers—kung gaano sila ka-*understanding* at *compassionate*...”

Isa pang nabago sa kaniya ay ang pagiging sensitibo niya sa kaniyang pakikipagkapwa. Lagi na raw niya iniisip ngayon na sa kaniyang pakikisalamuha, hindi lamang sarili niya ang kaniyang “dala,” bagkus, pati ang imahe ng mga Brothers dala rin niya. “Ayokong sabihin ng mga tao, ‘Ay, ‘yang mga Brothers na ‘yan, masusungit ‘yan. Palibhasa sila ang nagpapatakbo ng *school*...’ Ang gusto kong maramdaman nila ay ‘yong nararamdaman ko rin sa mga Brothers na mga mapagmahal na kuya.”

‘Ang bawat bata ay mahalaga’

Lubos din daw siyang naliwanagan sa isyung malimit ibinabato sa mga De La Salle Brothers—na mas naglilingkod lamang daw ang mga ito sa mga estudyanteng “may kaya.” Unang-una raw kasi, itinagubilin ni San Juan Bautista De La Salle sa mga Brothers na lahat ng bata—mahirap man o mayaman—ay dapat na magkaroon ng edukasyon. “Ang bawat bata ay mahalaga, kahit ano pa ang antas ng pamumuhay niya sa lipunan,” paliwanag ni Br. Gelo. “Kasi, nag-*e-evolve* rin naman ang konsepto natin ng kahirapan o *poverty*. May mga mayayaman nga, pero may *emotional poverty* naman.”

Isang malaking kaliwanagan para sa kaniya ang pagkakatunguhan niya sa Jaime Hilario Integrated School-La Salle, isang primarya at sekundaryang paaralan sa Bagac, Bataan. “Yon po ang talagang ‘*school for the poor*.’ *One hundred percent* ng mga estudyante natin doon ay iskolar.” Doon daw sa eskwelahang iyon, naranasan daw ni Br. Gelo ang kapayakan ng pamumuhay—“Hindi ganito ka-kumportable,” paglalarawan pa niya habang iginagala ang paningin sa kabuuan ng kaniyang opisinalang de-aircon at napalilibutan ng mga dingding na gawa sa makapal na salamin.



RENEWAL OF VOWS: Taunang isinasagawa ng mga Young Brothers ang muling pagpirma sa kanilang panata sa pagiging De La Salle Brother. Kasama ni Br. Gelo sa larawan si Br. Edmundo Fernandez FSC, Brother Visitor ng Lasallian East Asia District.

Dahil daw sa karanasan niyang iyon kung kaya't nakita raw niya ang kahalagahan ng malalaking eskwelahan De La Salle. "Kung kelan pa ako na-assign sa isang mahirap na school, tsaka ko lang na-appreciate na mabuti na lamang at may malalaking eskwelahan tayo," sabi niya. "Hindi magiging ganoon ka-epektibo ang serbisyo natin sa mga mahihirap kung walang suporta ng malalaking eskwelahan."

Mga iniidolo

Syempre pa, malaking papel ang ginampanan ng mga hinahangaan niyang De La Salle Brothers sa mga pagbabago sa buhay niya at sa kaniyang pang-araw-araw na gawi. Tatlong Brothers daw ang iniidolo niya sa kasalukuyan.

"Una, si Br. Armin," sabi niya. "Siya kasi 'yong gumabay sa akin; siya 'yong naging *Brother-mentor* ko." Kay Br. Armin daw nakita ni Br. Gelo ang katapangang manindigan para sa katotohanan: "Hindi siya takot mag-martsa sa kalye." Dahil daw kay Br. Armin kung kaya't naging mulat din daw siya sa mga isyung panglipunan, lalo na 'yong may kinalaman sa mga mahihirap. At kahit pa raw sa mga proseso at polisiya, nananatili raw ang pagiging matuwid ni Br. Armin.

Ikalawa sa mga iniidolo niyang Brother ay si Br. Victor Franco FSC, na siya ngayong pangulo ng La Salle-Greenhills. "Sa kaniya ko naman natutunan ang pagiging maintindihin, ang pakikinig sa sinasabi ng iba, ang pagiging *gentle* lalo na sa tao." Kay Br. Vic daw niya natutunan ang pagiging mahinahon: "Kapag may nagkamali, kung paano ba sasabihin—paano ba ipoint out [ang pagkakamali] nang hindi nakakasakit ng damdamin, nang may pagmamahal pa rin..."

Ang ikatlo raw ay si Br. Gus Boquer FSC, kasalukuyang pangulo ng DLSU-D (De La Salle University-Dasmariñas) at DLS-HSI (Health Sciences Institute). "Ang gusto ko pong mamana kay Br. Gus ay 'yong napakalakas na pananampalataya niya... 'yong *total surrender* niya sa *Providence*, 'yong tiwala niya sa Diyos..." Sa kaso kasi ni Br. Gelo, may tendensiya raw kasi na makaranas siya agad ng kawalang-kumpiyansa (*insecurity*) kapag nararamdaman niyang hindi niya "kontrolado" ang isang sitwasyon. Pero

iba raw si Br. Gus.

"Lagi niyang sinasabi, *'If this is God's work, it will work,*'" kwento ni Br. Gelo, sabay namamanghang sambit: "*And it works!*" Kahit pa raw sa mga kabiguan o sa mga mahihirap na sitwasyon, hindi raw natitinag ang pananampalataya ni Br. Gus. "Ah, hindi ito problema," madalas daw na sabihin nito, "ito'y isang *opportunity* para tayo'y mag-improve."

Pagpapakilala ng bokasyon

Sa ngayon ay nakadestino si Br. Gelo bilang *vocations promoter* para sa De La Salle Brothers sa DLSU-D at sa DLS-HSI (kung saan siya nag-opisina). Nagtuturo rin siya ng kursong General Psychology sa mga estudyante ng parehong institusyon. Hindi ba siya nagulat nang gawin agad siyang *vocations promoter* sa edad niyang 25?

Hindi naman daw, sabi niya. Awtomatiko raw kasi na isa sa mga pangunahing gawain ng mga batang Brothers ang pagpapalaganap ng kanilang bokasyon. "Kami kasi 'yong nalalapit sa edad ng mga bata, kaya mas nagki-click kami sa kanila—kasi nakaka-relate kami sa kanila."

Sa maikling panahon nang pagiging *vocations promoter* niya (dumating siya sa Dasmariñas nito lamang Mayo 15), masasabi ni Br. Gelo na masaya naman daw siya. "Nakikita ko kasi ang pagkakaiba ng dalawang eskwelahan (DLSU-D at DLS-HSI)," paliwanag niya. "Sa HSI, *very focused* ang mga bata, *very structured*. Sa DLSU-D naman, *very creative*."

Sa iskedyul lamang daw nagkakaiba ang trato niya sa magkaibang personalidad na ito ng mga estudyante ng dalawang kolehiyo. Pero ang paraanng pagpapakilala niya ng bokasyong Lasalyano sa mga ito ay pareho lang din.

"Ang unang *approach* ko ay ang alamin kung ano ang plano nila sa buhay," pahayag ni Br. Gelo. Kapag sumagot na ang bata, susugan daw niya agad ito ng mga tanong na, "Iyon lamang ba? Wala ka bang balak mag-explore ng iba? Bakit hindi mo subukan i-explore ang buhay namin?"

Kalimitan daw ang sagot sa kaniya ay "Naku, Brother, ayoko...ayoko..." Pero nakahanda na rin daw si Br. Gelo sa ganitong reaksyon: "Alam mo, 'yan

"Ang hindi po pag-aasawa at hindi pagmimisa ay tradisyon na ng mga De La Salle Brothers...kasi gusto namin na ang buhay namin ay nakatuon sa edukasyon. Kasi, kapag nag-asawa kami, mahahati 'yong oras namin."



KASAMA NILA Br. Gelo (*dulong kanan, nakatayo*) at Br. Sockie Dela Rosa FSC (*dulong kaliwa, nakatayo*) ang mga aspirants mula sa La Salle-Dasma at La Salle-Health Sciences Institute. Ang larawan ay kinunan sa himlayan ng mga Brothers (Memorial Cloister) sa Lipa, Batangas.

din ang una kong sagot noon e. *I-try* mo lang; maging bukas ka lang...”

Natutuwa raw si Br. Gelo na parami na nang parami ang nagkakaroon ng interes maka-alam ng tungkol sa buhay-De La Salle Brother. Sa bawat 10 estudyanteng nakakausap niya, lima raw sa mga ito ang bukas ang isipan sa bokasyon. Marahil, dahil daw ito sa madalas na silang makita ng mga estudyante sa campus, unang-una. Pangalawa, malaki rin daw ang tulong ng mga guro at iba pang kasamahan sa eskwela na nagsusumikap ding i-promote ang bokasyon sa mga estudyante nila: “Bakit hindi ninyo subukan maging Brother? Masaya ang buhay nila...”

Mga hakbangin

Kung sakaling may estudyanteng gustong *i-explore* ang pagiging Brother, ano kaya ang dapat niyang gawin?

“Puwede nila akong kontakin,” sagot niya. “Pupuntahan ko sila. Magkukuwentuhan lang kami. Tapos, iaalok ko sa kanila ‘yong *live-in program* namin—dito sa Residencia sila titira [nang limang araw] para makita nila kung ano ba talaga ang buhay ng Brothers, sino ba talaga ang mga Brothers...”

Kapag daw interesado pa rin ang bata na ituloy ang kaniyang pagsisiyasat sa bokasyon, papasok na raw sila sa Aspirancy Program. “Ang kailangan lang po ay isang beses sa isang buwan, may mga pagtitipon-tipon sila...at kailangang makipagkita sila sa Brother mentor nila (bawat isang aspirant, may isang nakatalagang Brother mentor).”

Sa lahat daw ng mga ito, pagpapayo at

pagbibigay lang naman daw ng espiritwal na direksyon ang ginagawa ng mga *Brother mentor*. Hindi pa raw sila talagang inuudyukang maging Brother—maliban na lamang kung nakikitaan sila ng totoong pagkagusto na maging Brother dangan lamang at may nararamdaman pa silang takot o pagdadalawang-isip sa susunod nilang hakbangin. Pero, paano ba malalaman kung gusto nga ba talaga ng bata ang buhay-Brother sa kabila ng pag-aalangan nito?

“Kapag ang *aspirant* ay masaya sa ginagawa niya,” sagot ni Br. Gelo. “Kapag masaya siyang kasama ang mga Brothers, kapag masaya siyang naglilingkod sa iba’t ibang *ministry*—halimbawa, sa ibang *community* may Sunday school, at nakikita naming masaya siyang nagtuturo, tatanungin namin siya: ‘*Ready* ka na ba?’ Kapag ang sagot niya ay, ‘Parang ayoko na yata...’—hindi nagtutugma ang kasiyahang ipinapakita niya sa sagot niya. Indikasyon ‘yon na nagko-*cold feet* lang siya, na natatakot lang siya.”

Sa ganitong sitwasyon, pinapayuhan ng mga Brothers ang *aspirant* na maging bukas ang isipan at damdamin sa susunod na hakbangin (*postulancy*): “Kasi, hindi ka naman namin pababayaan. Hindi ka pababayaan ng Diyos...”

Isang paanyaya

Paminsan-minsan, makikita ang mga Brothers na nakasuot ng abito (*habit*). Ito ‘yong mahabang kasuotang makikitang suot ng mga pari sa tuwing sila ay nagmimisa. Sinasagisag nito ang pagkaka-talaga ng buhay ng mga Brothers para sa Panginoon.

Mga larong Pinoy... mula sa pahina 9

Conference sapagkat hinihimok nito ang mga guro sa PE at iba pang mananaliksik na patuloy na suportahan, palaganapin, at pagyamanin ang mga katutubong kultura ng iba't ibang rehiyon sa Asya.

Bukod dito, isa ring malaking inspirasyon para kay Montillano ang pag-aaral na ginawa ni Mellie Leandicho-Lopez, may akda ng aklat na "A Study of Philippine Games" (2005), na nagbitaw ng mga sumusunod na kataga:

"If the Philippine games are allowed to perform all their potential functions, they will prove their effectiveness in enhancing

Filipino national pride and regional unity, and at the same time promote international friendship, good will, and understanding (Kung mahahayaan lamang ang mga larong Pilipino na maisakatuparan ng mga ito ang lahat ng mga potensyal nilang gampanin, magagawa ng mga itong patunayan ang kanilang bisa sa pagpapa-igi pa ng pagiging makabayan ng mga Pilipino at ng rehiyonal na pagkakaisa, habang pinapalaganap ang pandaigdigang pagkakaibigan, kabutihang loob, at pagkakaintindihan)."

Si Br. Gelo... mula sa pahina 27

Pero ang kadalasang makikitang suot ng mga Brothers, kasama sa kanilang abito ay ang *rabat* (mabilis na bigkas: "rabah")—iyong puting "kurbata" (*necktie*) na nakasuot mula leeg hanggang itaas ng dibdib ng isang Brother. Simbolo raw ito na ang mga Brothers, bilang mga guro, ay mga propesyonal.

Nakatuon kasi ang De La Salle Brothers sa edukasyon. "Hindi po kami ino-ordinahan kaya hindi po kami nagmimisa," paliwanag ni Br. Gelo. "Ang hindi po pag-aasawa at hindi pagmimisa ay tradisyon na ng mga Brothers... kasi gusto namin na ang buhay namin ay nakatuon sa edukasyon. Kasi, kapag nag-asawa kami o kapag nagmisa kami, mahahati 'yong oras namin."

"Ang pagiging Brother ay isang kumpletong bokasyon," dagdag pa niya, "tulad po ng pagiging pari o madre o pag-aasawa. Iba-iba po sila ng tawag

("calling"), pero ang buhay naman ay maglingkod pa rin sa Panginoon."

Tulad ng ibang buhay, marami ring mga pagsubok sa pagiging isang De La Salle Brother. Pero para kay Br. Gelo, ang buhay ng isang Brother ay "masaya"—"Iyon po ang nararanasan ko kaya po ako patuloy na naririto sa buhay na ito."

Bilang pagtatapos, inanyayahan ni Br. Gelo ang lahat na magkaroon man lang ng "*curiosity* para magtanong, o maliit na interes para magsabi na interesado sila. Kung may tanong man lang sila, okay na 'yun...magandang simulain na 'yun."

Si Br. Gelo ay maaaring tawagan sa telepono bilang 489-1941. Ang opisina niya ay nasa unang palapag ng Wang Building ng DLS-HSI at sa unang palapag ng Aklatang Emilio Aguinaldo sa DLSU-D. Maaari rin siyang ma-kontak sa *email address* na br.gelo@delasalle.ph. **n**

Wikang Filipino...

mula sa pahina 21

Hindi raw kasi sila sang-ayon na mawala ang Filipino. Kasi siyempre, ikaw ito e. Atin ito. Bakit mo aalisin? Bakit hindi mo bibigyan ng pagkakataong higit pa itong mapaunlad? Lalupa't sa edukasyon higit na nakikita ang pagpapaunlad ng isang estudyante, sa isang larangan... Siguro, isa sa mga dapat nating gawin ay ang patuloy na paggamit nito, patuloy na pagsasanay para rito, o ang pagsalin ng mga kaalaman sa wikang ito kung kinakailangan talaga. Halimbawa, sa College of Education. Talagang nawala ang *major* sa Filipino. Naka-graduate na 'yong huling batch noong 2012 pa. Wala nang sumunod sa kanila. Kung pupunta ka sa mga high school, ang nagtuturo ng Filipino mga Science major, Math major, P.E. major... Sabi ko, kailangang mabago 'yang ganyang kalakaran.

LG: Kaya wala nang lalim e, kung papakinggan mo sila (guro na 'di eksperto sa Filipino) magturo...kung ano lang ang nasa libro, 'yon na lang ang itinuturo nila...

MM: Ang tanging bitbit lang nila ay nakakapagsalita sila ng *conversational* Filipino o naiintindihan nila ang wika sa aklat. Pero 'yong higit na pagtuon ng pansin sa kanilang pag-aaral ng mga asignatura, e napakalaki ng kulang. Kaya naman, talagang kampanya ang ginagawa namin sa Kagawaran. Araw-araw na lang, lagi kong sinasabi sa klase na mag-*major* sila (guro sa Filipino) sa Filipino. Sa awa naman ng Diyos, may *first year* at *second year* na kami. Sana nga ay may susunod pa sa kanila. **n**



De La Salle University-Dasmariñas

Marketing Communications Office
Cavite 4115 Philippines
Telefax (046) 481-1900 loc 3031
direct line (02) 844-7832 loc 3031

Rosanni Recreo-Sarile, *Director*
Frederick Agustin, *In Charge, Web Projects*
Christine Caparas, *In Charge, Special Projects*
Christopher John Catapang, *In Charge, Print Projects*
Jacquelyn Torres, *In Charge, Media Relations*
Roanne Mitschek, *Secretary*
Joseph Neil Romerosa, *In Charge, Multimedia Projects*
Orlando Oliveros, *In Charge, Publications*

Newsette welcomes contributions, comments, and suggestions from the community. Editorial deadline is 12nn, every Wednesday. E-mail articles to mco@dlsud.edu.ph.

Newsette reserves the right to screen and edit articles submitted for publication.

www.dlsud.edu.ph/mco